


ANG SUSI SA PINTUAN

 Isang pribilehiyo ang makaparito sa tabernakulo! Medyo di ko inaasahan, din. Ako po'y, alam kong ngayong gabi ang gabi ng komunyong, kaya sa tuwina'y gusto kong, kung nasa paligid lang naman ako, na pumarito sa komunyong. Dahil ito'y... Sa palagay ko ang lahat ng mga Cristiano'y dapat na mag-asam na makipag-komunyong, dahil sinabi ni Jesus, "Kung hindi kayo kakain nito, ay wala kayong bahagi sa Akin." Kaya naman, isang... sa tuwina'y isang malaking pribilehiyo ang—ang makaparito sa tabernakulo. Pagkatapos, ngayong gabi, nabanggit ni Kapatid na Neville na medyo paos siya, at—at nais niya na kung ako ba'y makakapangusap sa ating kongregasyon. Sinabi ko sa kanya na ikagagalak ko. Nais ko ring ianunsyo na kung...

² Bukas ng gabi ang pagpupulong ng mga kalalakihan, ng mga katiwala, bukas ng gabi, at ng mga negosyante rito sa simbahan, para sa kanilang regular na pagtitipon ng Lunes ng gabi at kanilang... may pagpapasyahan sila ukol sa kontratista. Sa palagay ko lahat ay nauunawaan na ang ating—ating—ating mga papeles ay pasado na, at maipapatayo na natin ang simbahan. At mangyari po na pasado na, at marahil sisimulan natin sa sanlinggong ito. Ang simbaha'y sisimulan na sa sanlinggong ito, sa pagkakaalam ko. At tayo po'y tinanggihan, dito sa Jeffersonville. Pero nagpunta tayo sa Indianapolis, sa estado na mismo, at nagbigay sila sa atin ng permiso, kaya itatayo na natin ito. At kaya sisimulan na, marahil, sa sanlinggong ito. Malalaman po pagkatapos ng pagpupulong bukas ng gabi. At pagkatapos ng pagpupulong bukas ng gabi, kung di nila pasisimulan ngayong sanlinggo, kung may mangyari't, hindi makapagsimula ang kontratista, ay sisimulan naman niya sa kasunod na sanlinggo.

³ At itong parating na dulo ng sanlinggo, Sabado ng gabi, Linggo ng umaga't Linggo ng gabi, sa susunod na sanlinggo, itong parating na Sabado at Linggo, loobin ng Panginoon, nais kong magkaroon ng isang—isang—isang tatluhang pagtitipon, uli, gaya ng ginawa natin ilang linggo ang nakararaan. At pagkatapos nating... Sabado po 'yan ng gabi, at pagkatapos Linggo ng umaga, at pagkatapos Linggo ng gabi. Ito nang kasunod, 'yan po'y sa ika-labingtatlo at ika-labingapat ng buwan na ito.

⁴ At pagkatapos ang ilan sa mga kapatid at ako'y aalis pagkatapos n'yan, magpupunta sa Colorado, sa isang biyahe para mangaso, pagkatapos babalik. Kung ang tabernakulo po, kapag ito'y matapos na, kung ito'y kalooban ng Panginoon, nais kong talakayin, marahil, nang buong sanlinggo mismo bago

ako magpunta uli sa mga pagtitipon, at tatalakayin po *Ang Pitong Tatak* ng Apocalipsis. Katulad noon. . . Katulad noong natalakay natin *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, ngayon *Ang Pitong Tatak* naman ang kasunod Nun.

⁵ At marahil sa susunod na dalawa o tatlong linggo, dahil sa palagay ko natatantya nila, dahil sa mga kalalakihan na kanilang pagtratrabahuin dun, na makakaya nila, maitatayo natin ang tabernakulo at handa na 'yun nang mga sampung araw, o labing-lima, parang ganoon po. Kung ganoon magkakaroon na tayo ng dako na maupuan dito na dalawang beses na mas maramig makakadalo, o tatlong beses, marahil na makakadalo. At 'yan po ang hinihintay ko hanggang sa matapos 'yan.

⁶ Dahil, itong nakaraang Sabado at Linggo, grabe po, alam n'yo. Naghihintay na rito ang mga tao nang alas dos nang hapon pa lang, para punuin ang tabernakulo, bago pa magbukas ang simbahan. Noong sumunod na umaga nun, nang alas singko, may nars na kapitbahay ko, galing dun, ang sabi, "May mga tao na nagkakatipon sa paligid ng tabernakulo nang alas singko ng umaga." Mangyari po, at pagkatapos ang mga tao, sa pagpasok nila, walang malugaran, at napanghihinaan sila ng loob at umaalis na lang. At—at pagkatapos 'yung mga nakatayo, at nakapila sila't nagsisiksikan na sa mga pasilyo, ramdam na ramdam nila na nasisiksik sila, at lahat na. At nakikita ko ang mga kababaihan dun, na pinagpapawisan, alam n'yo, nang paganoon, at talagang tumutulo ang kanilang pawis. At may lalaki na tatayo at ibibigay, sa isang kababaihan ang upuan niya; at pagkatapos tatayo siya hanggang sa mangalay ang mga binti niya, at may iba naman na magbibigay sa kanya ng upuan. Alam n'yo, at ganoon po, at nakakaawa, at hayan ang mga nanay na dala-dala pa ang kanilang mga anak na may sakit at iba pa, masaklap po.

⁷ Kaya, sinisikap natin na maiwasan 'yan ngayon sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mas malaking tabernakulo. At magkakaroon tayo ng mainam na lugar kung saan ang mga bata, kung minsan. . . haya't nakakaabala, tulad na lang ng pag-iyak ng maliliit na bata; buweno, magkakaroon tayo ng isang silid para diyhan, para ang mga nanay ay makapasok dun, na matutunghayan pa rin nila ang gawain, at mapaparinig pa rin dun sa loob ng silid. At magkakaroon tayo ng mga silid para sa Sunday school at ang lahat na nakahilera na mismo sa dapat na lugar ng mga ito. At 'yan po, kung loobin ng Panginoon, ay uumpisahan na, sa parating na sanlinggong ito.

⁸ Bumoto po kayo nang sandaang porsiyento rito, kaya pinagbasehan namin 'yan, kita n'yo. May soberanya ang iglesya. Kung ano ang sabihin ng iglesya, 'yun po. Walang katiwala o sino pa man. . . Ang mga katiwala ay haya't, ang bawat isa, ay isang boto lang. Ang pastor ay isang boto lang. Ang iglesya po, haya't

ang—ang demokrasya sa simbahan, ang soberanya ng iglesia. Ang iglesia, sa kabuoan, ang nagsasalita. Ganoon po ito. At gusto natin 'yan, dahil wala tayong mga obispo o herarkiya o nakakaangat na nangangasiwa o kung ano pa para sabihin sa atin ang *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Ang Espiritu Santo sa iglesia, ang nangungusap mismo. Gusto ko ang kalakaran na 'yan, at napakainam nito.

⁹ At tinanong ko, “Nais n’yo bang lahat na maghintay hanggang sa mayroon na tayong sapat na pondo para ilipat ang tabernakulo at makapagpatayo ng isang malaking simbahan?” Nasa lupon po 'yan ng mga katiwala, at hindi ito mapagkasunduan ng mga katiwala. At pagkatapos tinanong nila ako, bilang pangkalahatang tagapangasiwa, na dumulog at tanungin ang iglesia. Kaya ang sabi ko, “Ngayon may sapat na tayong pera para palakihin ang simbahan at ayusin ito nang panibago, at lahat na, mula sa kung anong mayroon tayo.” Sabi ko, “Ngayon magagawa na natin ito agad-agad, o ipunin natin ang pera natin hanggang sa makasapat tayo para makapagpatayo ng kumpletong simbahan, na bago, sa ibang lugar.”

¹⁰ At nagbotohan po tayo sa simbahan, at nagkakaisa na napagbotohan na “itayo ang simbahan agad-agad, at ito’y palakihin na mismo ang simbahan.” At nanatili tayo roon.

¹¹ At tinanggihan tayo ng sanggunian dito sa Jeffersonville, ang sabi di raw natin puwedeng gawin 'yun. At inulit namin 'yun, at nagtungo sa Indianapolis at ang Estado ang ipinausisa roon. At pagkatapos sumagot sila, sabi, “aprubado,” may karapatan na tayo para itayo ito. Kaya wala nang kinalaman ang siyudad dito ngayon, ang Estado na mismo ang may kinalaman. Kaya nakakuha tayo ng permiso, at ang kontratista’y may—may napanghahawakan nang permiso ngayon, at sa palagay ko handa na silang magsimula anumang oras.

¹² Itong bukas ng gabi, kung—kung sabihin ng kontratista na gusto na niyang simulan sa susunod na sanlinggo, haya’t kakanselahin ko ang mga pagtitipon para sa...hanggang sa makadako tayo sa *Ang Pitong Tatak*. At kung hindi naman makapagsimula ang kontratista sa susunod na sanlinggo, haya’t sa susunod na Linggo, Sabado at Linggo, magdadaos po ako ng pagtitipon bago umalis.

¹³ At mangyari nga na ipapangaral ko 'yun sa Linggong ito, at mangyari naman na nalaman ko na ngayong gabi ay gabi pala ng komunyong, kaya kinansela ko 'yun sa Linggong ito. Dahil, sa ganitong karaming tao, hindi kayo makakapagkomunyong nang kumportable, pero kapag may mas malaki na tayong simbahan ay magagawa na natin 'yun.

¹⁴ Ngayon, may bago tayong Presidente na parating. Ang... oh, alam n’yo na po ang ibig kong sabihin, kapapanganak lang po sa pamilya Hickerson di pa katagalan. At ang ating kapatid

na babae na piyanista, sige't kung makapupunta siya rito't bigyan tayo ng munting tipa sa piyano, ng "Bring Them In," kung maaari, or kung anong munting awit na ganoong tipo. Ang mainam na munting ginoo na ito ng pamilya Hickeron, na matagal nang hinihintay, ay dumating na. Isang napakainam na munting bata, at siya'y tunay na isang hiyas para sa mga Hickerson. At silang lahat ay mga hiyas sa atin, minamahal natin sila at sila'y ating kapatid na lalaki't kapatid na babae. Ikinagagalak natin ang munting bata na ito na ipinanganak sa kanilang pamilya, na ganap mismong pinagbago ang pamilya. At sige't sila, ang tatay at nanay po'y kung maaari lang dalhin na ang munting bata ngayon para sa paghahandog. Ngayon, ang sinasabi ng Kasulatan, "Kanilang dinala sa Kanya ang mga bata, mga sanggol, nang sa gayon ay Kanyang mapatungan sila ng Kanyang kamay at pagpalain sila."

¹⁵ Ngayon, may mga tao sa mundo na naniniwala sa bagay na tinatawag nilang "pagbibinyag ng sanggol." At, 'yun po'y, kinukuha nila ang munting mga sanggol at hindi naman talaga nila binabautismuhan sila kung tutuusin, dahil, winiwisikan lang nila sila ng tubig. Ngayon, wala tayong makikitang ganyan saanman sa Biblia, kung saan nagwisik sila ng kahit sino, na matatanda, lalo na ang mga bata.

¹⁶ At mangyaring ang bautismo ay isang pagtatapat na may panloob na gawa ng biyaya na nagawa na. At ang munting mga sanggol ay walang kaalaman ng kasalanan. Kaya naman, noong si Jesus ay mamatay sa krus, Siya'y namatay para alisin ang kasalanan ng sanlibutan. At kapag ang sanggol ay naging isang tao, at ipinanganak sa sanlibutang ito, wala silang kasalanan sa ganang sarili nila, kaya wala silang pagsisisi na kailangang gawin. Pero, ganito, ang Dugo ni Jesus Cristo'y nag-aalis ng kasalanan na 'yun. Siyempre, ang sanggol ay ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa sanlibutan na nagsasalita ng mga kasinungalingan, at sila'y makasalanan na sa kalikasan, pero ang Dugo ni Jesus Cristo'y kabayaran para dun. Anupa't kapag ang sanggol ay sumapit na sa edad ng pananagutan, at alam na ang tama at mali, kung ganoon kinakailangan nitong magsisi para sa bagay na ginawa nito. Ang kasalanan sa ngayon ng sanggol ay dahil ito'y ipinanganak sa kasalanan, ito'y pantaong pagkakasala, ang kasalanan nito ngayon ay ang kasalanan na nagawa noon nina Adan at Eba; at 'yun ay winaglit ng Diyos, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo. Ngayon ang sanggol ay walang kasalanan na pagsisihan hanggang sa siya'y magkasala, kung ganoon kinakailangan na niyang magsisi. Kita n'yo? At kapag siya'y nagsisi, kung ganoo'y pagkakataon na 'yun para magpabautismo, at siya'y babautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog.

¹⁷ Hanggang sa panahon na 'yan, susundin natin ang turo ng Biblia, na, "Kanilang dinala kay Jesus ang mumunting mga bata,

nang sa gayon ay Kanyang mapatungan sila ng Kanyang mga kamay at mapagpala sila.” Ang kalugud-lugod na magulang na ito sa gabing ito’y dinadala ang munting sanggol sa pastor at sa akin, para ihandog. At pakiramdam nila kapag ilalagay nila ang sanggol sa mga kamay ng mga kinatawan ni Cristo, kanilang inilalagay ito sa mga kamay ni Cristo. Pagkatapos, sa pamamagitan ng pananampalataya, dadalhin natin ang sanggol sa Diyos, para magbigay pasasalamat para sa pagdadala nito rito, at hihilingin sa Diyos na pagpalain ito, na tinatawag nating “paghahandog sa sanggol.”

¹⁸ Ngayon, alam n’yo naman ako sa aking sariling mga anak. May munting anak akong babae na nasa Kaluwalhatian na ngayong gabi, at siya’y inihandog noon sa Panginoon, dito sa altar. May munting anak na lalaki ako at anak na babae diyan sa likod, ngayong gabi, na hindi pa nababautismuhan. Ang isa’y, labing-isang taong gulang, sinasabi ko sa kanya ang tungkol dito ngayon, kay Sarah, para mabautismuhan. At si Joseph ay pitong taong gulang pa lang, kaya siya’y masyadong bata pa para riyon, hanggang sa. . . Kung naisin niya, at kung sabihin niya na inilalagay ito ng Diyos sa kanyang puso, ay gagawin ko kaagad ito. Pero, bilang mga sanggol pa noon, akin lamang inihandog sila sa Panginoon, dahil ’yun ang batay sa Kasulatang pagtuturo nito.

¹⁹ Kapatid na Neville, kung makapupunta po kayo rito’t samahan ako sa mainam na batang lalaki na ito. Pasensya na po. . . Hollin po ba? Hollin? Oo, Hollin, Junior. Stephen Hollin. Buweno, mainam. Oh, akala ko tulog pa siya. Likas po ’yan sa mga Hickerson, anuman ang mangyari. Nakita ko po siya nung isang araw, ang sabi ko “ang Presidente,” at kung ano pa. At, mangyari po, na napakaliit nito para sa kanya, kita n’yo, na sabihin ukol sa kanya bilang isang “Presidente.” Kumusta ka? Buweno, alam ko na magiging isang kayamanan ’yan sa sinumang maka-Diyos na nanay. Hindi po ba? Napaka kalugud-lugod. At ngayon, Kapatid na lalaking Hickeron at Kapatid na babaing Hickerson, bilang lingkod ni Cristo, bilang pastor n’yo, dinadala ko ang sanggol na ito, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa mga bisig ni Jesus Cristo, na sa Kanya’y nais n’yong ilagay ito sa Kanyang mga bisig.

²⁰ Atin pong iyuko ang ating mga ulo habang ang pastor at ako’y nakatayo rito na ang aming mga kamay ay nakapatong sa sanggol.

²¹ Makalangit naming Ama, sa Biblia dinala nila sa Iyo ang maliliit na mga bata, para Iyong mapatungan sila ng Iyong mga kamay at mapagpala sila. At tunay, Panginoon, sila’y pinagpala. At ngayon para sundin ang Iyong halimbawa, ang mga bagay na Iyong ginawa, ay aming sinusubukan na maging malapit, Panginoon, na binabasa ang Biblia at sinusunod ang halimbawa na Iyong ginawa. At ang tatay at nanay na ito, sina Kapatid

na lalaki at Kapatid na babaing Hickerson, aming minamahal na mga disipulo rito sa tabernakulo, kanilang dinala sa amin ang munting kagalakan na ito na Iyong inilagay sa kanilang pangangalaga. Ito'y nanggaling mula sa Iyo, Panginoon. Iyo pong ibinigay sa kanila ang batang ito. At ngayon ay may pagnanais sila na ibigay ang munting buhay nito sa Iyo, na maging isang paglilingkod sa Iyo. Dalangin ko po na Iyong pagpalain ang batang ito, na Iyong pagkakalooban ito ng mahabang buhay. Nawa'y mabuhay ito, kung posible, na makita ang Pagparito ng Panginoon. Dalangin ko na Iyong pagpapalain ito kung saan man ito. Nawa'y mapalaki ito sa isang Cristianong tahanan, yamang ito'y ipinanganak nga sa ganoon. At nawa'y magtuluy-tuloy sa tahanan na ito. Nawa ang tatay at nanay ay mabuhay na makita ang sanggol sa pulpito, kung posible, na nangangaral ng Ebanghelyo. Mas pipiliin nila na makita ang bata sa ganoong paraan, Ama, kaysa sa—sa luklukan sa White House, o kung saang lugar, dahil sila'y mga lingkod Mo, at hinahangad na ang buhay ng sanggol ay maging isang handog at isang pagpapala sa gawain ng Diyos.

²² Ngayon dalangin ko, Ama, na Iyong pagpalain ang bata. At nawa ang biyaya ng Diyos ay mapadako rito, at nawa ito'y maging malusog at masaya sa buong buhay nito. At nawa ang tatay at nanay ay mabuhay para makita ito na lumaki, 'yan po ang aming hiling uli. Iyo pong pagpalain ito sa Iyong Pangalan.

²³ At ngayon, munting Stephen Hollin Hickerson, ibinibigay kita kay Jesus Cristo, na ang mga pagpapala na aming hiniling ay dumako sa iyo. Maging malusog at malakas ka, munti kong kapatid, at nawa'y mabuhay ka na niluluwalhati ang Diyos. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ay hinihiling namin ito. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain kayong lahat ng Diyos. Napaka kalugud-lugod na bata.

Where we'll never grow old, never grow old,
In the Land where we'll never grow old;
Never grow old, never grow old,
In the Land where we'll never grow old.

²⁴ Hindi ba't kahanga-hanga 'yan? Ang mga bata'y magiging matanda, at ang matatanda'y babata. Ngayon, hindi ba't napakaganda nun? At di na tayo kailanman magkakasakit, o magkakaroon kailanman ng kalungkutan, o mamamatay kailanman.

²⁵ Ngayon, ang mga gawain, inanunsyo na ni Kapatid na Neville. Nais kong ianunsyo ngayon, din, na ang pagtitipon na 'yun, huwag n'yo pong kalimutan ito, at ang mga pagtitipon na kanyang nabanggit. Gayundin, isang Gng. Ford na dating dumadalo rito sa simbahan mga taon na ang nagdaan, dinala ko siya sa kanyang anak na babae, nitong mga dalawang araw pa lang ang nakararaan, at siya'y otsenta anyos na, at yumao na

para katagpuin ang Panginoon kagabi nang alas otso, sa palagay ko. At ang mga gawain para sa kanya, ang pastor at ako'y magdadaos ng gawain sa kapilya dun sa Coots' Miyerkules, nang alas diyos—alas diyos y media, ito pong parating na Miyerkules. Si Gng. Ford, Gng. . . . Sa palagay ko nakalimutan ko 'yung kanyang. . . Levi, Gng. Levi Ford. Ang ating. . . Yun—'yun po'y nanay ni Lloyd Ford na makikita n'yo sa aklat ko, na siya 'yung nagtabi nung damit pang-Boy Scout noon para sa akin, at may isang paa ng pantalon na lang ako na natitira noon. Ngayon, 'yun —'yun po ang nanay nung lalaki. Kaya dinala ko siya nung isang araw at nanalangin kasama siya, ang matandang aba na ito. At siya'y yumao na para katagpuin ang Panginoong Jesus.

²⁶ Ngayon, kung loobin ng Panginoon, may bagay ako rito na marahil iaanunsyo ko ang mga gawain na 'yun, kung matuloy man ang mga ito para sa susunod na sanlinggo, kung nailagay ko ang mga ito rito, o kung sa palagay ko'y nagawa ko, tungkol sa bagay na ipangungusap ko para sa—sa—sa parating, itong parating na pagtitipon para sa susunod na sanlinggo. Kung sa tingin ko—sa tingin ko. . . Sa palagay ko nailagay ko 'yun sa aklat na 'yun, hindi ko lang alam kung nailagay ko ba o hindi. Siyanga, heto po. Loobin ng Panginoon, Sabado ng gabi nais kong mangaral sa paksa ng “Kung bakit naiimpluwensiyahan ng isang tao ang buhay ng iba.” At sa Linggo ng umaga nais kong ipangaral “Ang pagpapatong sa piramide.” At Linggo ng gabi ay nais kong mangaral tungkol sa *Aking Patnubay*, ang paksa, *Aking Patnubay*, para sa parating na Linggo ng gabi. Ngayon nawa'y pagpalain ng Panginoon ang mga bagay na ito at tulungan ako, yamang nasa labas ako, at kaunting konteksto lang marahil para matalakay ang mga ito.

²⁷ Ngayong gabi, nais nating magmadali at gumanap ng ilang bagay. Siyanga pala, may liham ako rito na—na galing sa koreo, na kinuha ni Billy kamakailan, na may ilang kapatid na nasa Michigan, at galing ito sa ministeryal na asosasyon na maraming kung anu-anong bagay. Yun 'yung nagpapagulo sa mga bagay-bagay, kita n'yo. Na, sinasabi nila rito na may kapatid sa dako roon na ang sabi raw ipinadala ko sila roon, at nangangaral sila na ang mga kalalakihan ay dapat daw iwan ang kanilang mga asawa at maghanap ng kanilang espirituwal na katuwang, at siyanga't—siyanga't ako raw ay ganap na di-nagkakamali. Na wala raw. . . At, oh, ilan nga sa kahindik-hindik na bagay na maririnig n'yo kailanman. At nakarating 'yun sa ministeryal na asosasyon, at sinulatan nila ako ng liham tungkol dun, at ipinadala ko raw sila roon at nagbubunsod 'yun tuloy ng malaking pagkalito. At may ilan sa kanila'y nagpropropesiya raw at sinasabi na ang isang lalaki'y dapat iwan ang asawang babae na ito at pumunta't pakasalan ang isa namang 'yun. Ngayon, alam ng iglesyang ito na hindi tayo naninindigan sa ganyang mga kabulukan na gaya n'yan.

²⁸ Pinaniniwalaan natin ang Biblia. Naniniwala tayo na kapag ang isang lalaki'y magpapakasal sa isang babae, 'yun na ang asawa niya, at tanging kamatayan lamang ang makapaghihiwalay sa kanila. Ganoon mismo. Hindi tayo naniniwala sa ganyang mga bagay-bagay. Hindi tayo naniniwala sa largadong pakikipagrelasyon, mismo. Hindi tayo naniniwala sa ganyang bagay. Ganap nating pinaniniwalaan ang Biblia, at Yun lamang. Kaya ipapa-photostat ko ito, gagawa ng kopya ng liham na ito, at ibibigay ang tugon ko at ipapalagay 'yun sa mga magasin, at 'yun—'yun na ang aayos dun. Umaasa ako na ganoon, sana, na mabigyan sila ng tugon.

²⁹ Ngayong gabi, bago lamang natin buklatin ang Kasulatan, mangusap muna tayo sa ating Panginoon.

³⁰ Makalangit naming Ama, kami po'y dumudulog sa Iyong Luklukan ng awa, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, Yaong dakilang Isa na Siyang bumaba mula sa Kaluwalhatian para ihayag sa amin ang kasaganahan ng mga kayamanan ng Diyos. Ganoon na lamang ang pasasalamat namin sa Iyo para sa dakilang Jesus na ito na Siyang kahayagan ng Diyos, na pinaging personal sa amin, at sa pamamagitan Niya ay may katubusan kami mula sa aming mga pagkakasala. At ngayon kami'y lumipat na mula kamatayan patungong Buhay, dahil kami'y sumasampalataya sa Kanya. Dahil nasusulat ukol sa Kanya, na ang sabi Niya, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan; at di na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan."

³¹ Iyo pong pagpalain ang Iyong mga Salita, ngayong gabi, Panginoon. At narito kami para tumanggap ng komunyong sa kaunting sandali. Ang mga Cristianong, kapwa mamamayan sa Kaharian ay magtitipon sa palibot ng mga altar, at doon ay tatanggap sila ng tinatawag naming "ang komunyong," ang—ang munting bahagi ng—ng sakramento na Iyong iniwan sa amin, para ipakita na kami'y sumasampalataya na Ikaw ay namatay para sa aming mga kasalanan, at nagbangon sa ikatlong araw, at buhay na kailanman, at gagawin namin ito hanggang sa Iyong pagbabalik, batay sa Mga Kasulatan gaya ng pagkakaautos sa amin. Iyo pong pakalinisin ang aming mga puso mula sa masamang mga pag-iisip at sa lahat ng aming nagawa na laban sa Iyong dakilang kalooban. Ama, Iyo pong patawarin kami, at pagkalooban kami ng Iyong biyaya ngayong gabi. Iyo pong pagputul-putulin ang Tinapay ng Buhay, sa Salita, sa pagbabasa namin Dito at pangungusap ukol Dito. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ay amin po itong hinihiling. Amen.

³² Ngayong sa Aklat ng Apocalipsis, magsisimula tayo sa isang talata lamang, nais kong basahin ang ika-20 talata, o ang unang talata ng ika-20 kabanata.

At nakita ko ang isang anghel na nananaog mula sa langit, na may susi ng kalaliman at isang malaking tanikala sa kaniyang kamay.

³³ Ngayon nais kong mangusap, kung maaari, kung pamamagatan ko ito ng teksto mula rito, o kukuha ng konteksto mula sa tekstong ito, sa susunod na dalawampu o dalawampu't limang minuto, nais kong pamagatan itong, *Ang Susi Sa Pintuan*. Ngayon, ayaw ko po na—na tawagin itong “mga susi,” dahil ibinigay kay Pedro “ang mga susi ng Kaharian.” Anupa't nais kong tawagin itong: *Ang Susi Sa Pintuan*. At pagkatapos lamang nito, nais kong magbigay ng ilang komentaryo ukol sa komunyon, bago natin ito tanggapin ngayong gabi.

³⁴ Ngayon, isang susi. Napansin ko rito habang binabasa natin, na ang Anghel na ito'y nanaog mula sa Langit, na may susi sa kanyang kamay. Naniniwala ako na sa Apocalipsis 13 o 19, masusumpungan natin uli, isa pang Anghel ang dumarating na may isang susi. At ang isang susi, ang layunin ng isang susi, ay ang buksan ang kandado ng isang bagay, isang bagay na kinandado, o isang bagay na dapat ay nakakandado. Siyanga't ang susi ay ibinigay para sa layunin na 'yan.

³⁵ Ngayon, napakaraming uri ng susi, dahil marami tayong pinaggagamitan ng susi. May susi para sa mga kamalig. May susi para sa sarili n'yong bahay, may susi para sa inyong sasakyan. At ang tawag natin sa mga ito ay susi, at mga susi ang mga ito. At maaaring gawan ng kopya ang mga ito, sa maraming pagkakataon. O sa isang bahay, minsan maaaring magpagawa, ng tinatawag natin na, liyabe-maestrang susi. Sa madaling sabi, susi 'yun na parang ginawa na may mga panikwas, na gumagana roon, na—na pipihitin 'yung kandado sa isang partikular na paraan at halos kayang buksan ang anumang pinto, na tinatawag na “liyabe-maestrang susi.” Isang liyabeng banghay 'yun ng maraming susi, at maaaring buksan ang pagkakakandado sa paraan na 'yun, sa mga bahay natin o maging sa mga sasakyan natin, maaaring gawan ng kopya. At pagkatapos mayroon ding . . .

³⁶ Anumang susi'y hindi makakapagbukas ng pinto hanggang sa gamitan ito ng kamay. Kinakailangan na may bagay para gamitin ang susi. Ang susi mismo'y hindi nito magagamit ang sarili nito. Kinakailangan ng bagay na gagamit sa susi.

³⁷ Katulad na lang po ng mikroponong ito na aking—na aking pinagsasalitaan. Ang mikroponong 'yun ay walang tunog. Maliban na may bagay na magsasalita roon, hindi ito makakapagsalita sa sarili nito. Kinakailangan na may bagay na magsasalita roon. Kaya, hindi ang mikropono, kundi 'yung tinig o 'yung—'yung ingay (sa likod) na hinahatid ng mikropono sa—sa air wave, papunta sa inyong tainga.

³⁸ Ngayon, ganyan po ito sa pangangaral ng Ebanghelyo. Hindi po ito sa ganang sarili namin, bilang mga ministro, hindi kami ang Ebanghelyo. Bagkus kami'y mga tagahatid lamang na inihahatid ang Tinig ng Diyos sa pamamagitan ng aming instrumento, na mga kalalakihan, papunta sa tagapakinig.

³⁹ Ganoon din sa isang pangitain. Wala akong alam na bagay na sasabihin sa iglesya sa mga oras na ito ukol sa isang pangitain. Pero kung ipakikita ng Espiritu Santo, muna, sa akin ang isang pangitain, pagkatapos nga'y ihahatid ko ang pangitain na 'yun sa isang tao na pinag-uukulan nito. Kaya hindi ito sa akin, o ako, ang pangitain ay hindi sa ganang akin, o ako. Pangitain ito na bigay ng Diyos, at kumikilos ako bilang tagahatid lang, para ihatid ang mensahe ng naturang pangitain sa mga tao.

⁴⁰ Ngayon, ang isang susi'y ganoon din. Pasensya na po. Ang susi'y kailangan na mahawakan sa kamay na magbubukas sa pagkakakandado ng pinto. Kita n'yo, kinakailangan ng kamay. Ngayon, at sa susi na ipangungusap ko ngayong gabi, isang kamay lang ang makahahawak sa susing ito, at 'yun ang kamay ng pananampalataya. Yun lang ang may kayang—kayang humawak sa susing ito. At mga kamay ang humahawak sa ibang mga susi, at kinakailangan ng isang kamay ng pananampalataya para ryan.

⁴¹ Ngayon, ihalimbawa natin itong susi tungo sa kaalaman. Ngayon, ang isang tao ay kinakailangan, kung siya'y nagsisikap na magkamal ng kaalaman, kita n'yo, ngayon, may susi para dun. May paraan para ang taong ito ay mabuksan. Kinakailangan na siya'y . . . para makuha niya ang kanyang mga aklat at kanyang pag-aaral, at hindi siya maaaring . . . walang makakapagpaaral sa kanya. Marahil matuturuan nila siya, pero kinakailangan niyang matuto. At ang tanging paraan na magagawa ito, ay kinakailangan niyang makuha ang susi na 'yun, na may bagay roon na magbubukas o mag- . . . maghahayag sa kanya ng kaalaman na kanyang hinahanap.

⁴² At may mga tao na nais subukang tumugtog ng piyano, at sila . . . o musika. Hindi nila alam kung paano 'yun gawin, pero maaari silang pumunta roon at may guro na magtuturo at magtuturo ng leksyon, at hindi pa rin nila ito matututunan. Hindi nila kayang taglayin ang susi na 'yun tungo sa hiwaga na 'yun, kung paano ba ang ritmo at ang mga tunog ng pagkakatono at iba pa na umaalingangaw. Kinakailangan ng susi.

⁴³ At maging sa matematika, may susi tungo sa matematika, na kinakailangan na masanay kayo roon. Nakakita na ako ng mga kalalakihan na kayang alamin ang sagot sa apat na hilera ng mga numero, at ilalagay lang nila ang mga daliri nila, tigi-tigisang daliri sa hilera ng mga numero, at bababa nang *paganoon* nang marahil lima o anim na numero, at ilalagay ang sagot sa ilalim. Sinasagutan ang apat na hilera nang sabay, saanman mula

bilang na isa hanggang siyam. Buweno, ako nga'y nahihirapan nang sagutan ang isang hilerang pa lang, maliban na lang kung may sapat akong mga daliri sa kamay at paa para magbilang, para—para alamin ang sagot sa isang hilerang. Hindi ko nga malaman—laman ang susi para dun. Pero, nakita n'yo, may ilan sa kanila mismo na may susi tungo rito, alam nila kung paano ito gawin.

⁴⁴ At may susi tungo sa kaalaman, para sa isang tao na gustong magtamo ng kaalaman. May susi tungo sa siyensiya, para sa siyentipikong mga pananaliksik. Ngayon, hayon, 'yun nga'y kahanga-hangang susi. Tinutuklas ng mga tao ang susi na 'yan.

⁴⁵ Gaya na lang dito di pa katagalan natuklasan nila ang isang atom, at nalaman nila na may mga atom, at pagkatapos ang mga atom na ito'y bumubuo pala ng molekulyula at iba pa. Ngayon, sinasaliksik nila maigi, may ilan na naniniwalang ang atom ang nagpapanatili sa lahat ng bagay para di magwatak-watak, na kung iibahin ang direksyon ng ikot ng atom, 'yun ang magbubunsod sa pinapanatili nun na haya't magwatak-watak. Dahil, ang lahat ng bagay ay pinapanatiling buo ng atom, alam natin 'yan. Ngayon, ang poste na 'yan ay pinapanatiling buo ng atom. Kayo'y pinapanatiling buo ng mga atom. Ang damo, ang mga puno, ang lahat ay pinapanatiling buo ng mga atom. Siyanga't, kung ang atom na 'yan, na umiikot sa isang direksyon, kung ito'y masisira at pabalik ang ikot, haya't mawawasak ito. At, ngayon, ang magagaling na mga siyentipiko'y naniniwala na maaari 'yung gawin, at kanilang trinabaho ito nang trinabaho, at inupuan nila ito nang oras at mga oras, at linggo at mga linggo, taon at mga taon, hanggang sa kanilang mapagtagumpayan ito.

⁴⁶ Haya't, naniniwala ako, na si Thomas Edison 'yun, ukol sa bumbilya, na sinasabi nila na ang taong 'yun ay may kaalaman na kaya niyang gumawa ng de kuryenteng ilaw. Siya ang nag-imbento ng bumbilya. At ayaw nga niyang humiga sa kama sa gabi. Hawak-hawak niya ang isang pinalamanang tinapay sa isang kamay at kakainin 'yun, at mauupo roon at aalamin kung ano 'yun at magtrabaho. Sa kung saang dako sa likod ng kanyang kaisipan, may bagay na nagsasabi sa kanya na magagawa niya ito. Ano ito? Isang susi 'yun na magbubukas sa daan.

⁴⁷ Wala pang maraming taon ang nakararaan, may isang—isang lalaki na naniniwala na may talento siya para sumulat ng komik strip. Naniniwala siya na tangan niya ang susi sa kanyang kamay. At nais niyang . . . nagtungo siya . . . Nakatira siya sa Kansas. Nagtungo siya sa tagapatnugot ng isang kilalang diyaryo sa Kansas City, at dinala niya ang ilan sa mga naisulat niya. At sabi sa kanya ng tagapatnugot, “Ginoo, wala kang ganoong kakayahan. Ikaw, huwag mo nang subukan pa, hindi mo—hindi mo kayang gawin.” Pero hindi siya nun nasiyahan. Alam niya kasi na may kakayahan siya. At bumalik siya nang

paulit-ulit, na sumusubok, pero siya ('yung tagapatnugot) ay tinatanggihan siya. Sa huli, nagtungo siya sa ibang lugar, at tinanggihan din nila siya, na sinasabi, "Ginoo, wala kang ganung kakayahan. Hindi mo kayang gawin 'yun." Pero sa kabila nun ay naniwala siya na kaya niyang gawin 'yun. At ganoon mismo, may kung anong bagay siya sa kanyang kamay! Sa wakas, natanggap siya sa trabaho na magsulat ng munting mga iskrip, sa palagay ko, na editoryal o parang ganoon para sa isang simbahan, parang munting komik strip para sa simbahan. At nagrenta siya ng isang madaga- o pinamumugaran-ng-daga na garahe, kung saan 'yung mga daga'y patakbo-takbo sa buong lugar at lahat, sa kanyang mga kubrekama, at napansin niya ang pagiging kakaiba ng isang partikular na munting daga. Doon nagsimula ang kuwento tungkol kay Mickey Mouse. Ngayon isa na itong multi-milyonaryong Walt Disney. Bakit? May bagay siya sa kanyang kamay, at alam niya na hawak niya ito, alam niya na kaya niyang gawin ito. At sa ganyang paraan naaabot ang bawat tagumpay. Kapag ang mga kalalakihan at kababaihan ay may bagay sa kanilang kamay, na alam nilang kaya nilang gawin ito.

48 Noong tumama ang polio sa bansa. Gaya ng, lahat tayo'y inutusan ngayon na pumunta't magpabakuna, para pukasin ito. Noong tumama ang polio. . . Kahapon nakikinig ako sa isang doktor habang nagmamaneho ako sa daan, sa isang doktor mula sa Louisivlle. Sabi niya, "Ilang taon ang nakararaan, noong tumama ang malawakang epidemya sa Louisivlle," sabi, "kung ang mga kalalakihan ay tumayo kung saan ako tumayo noon, at nakita ang limampu't pitong respirator na sabay-sabay, at ang mga kalalakihan, mga kababaihan, mga batang lalaki't batang babae, na naparalisa ng sakit na 'polio,' at walang bagay na magawa tungkol dun." Sabi, "Ayaw ko na talagang makakita pa ng katulad nun kahit kailan uli."

49 Pero naisip ng siyensiya, "Kung may ganoong kasamang bagay na tulad ng polio, tunay na may bagay na makakakontra rito." Nagpunyagi sila, tumayo sila sa kalsada suot ang mga bota, ang mga bumberong 'yun, inilahad nila ang kanilang mga sumbrero, at nanghingi sila, nanlimos sila, ginawa nila ang lahat, sa pagsisikap na hanapin ang susi para mabuksan ang pinto ng paglaya. At, sa wakas, isang Cristianong ginoo na ang pangalan ay Salk ang nakatuklas ng bakuna. Bakit? May masama na naglipana, may mamamatay-tao na naglipana; haya't may susi sa kung saan na magagawang buksan ang pagkakakandado ng paglaya muli para sa tao, at ang bakuna ni Salk ang pinakamainam na panggamot nun. Oh, ganyan nga mismo ang nagagawa ng susi! Inilabas ang bakuna, at ngayon ay pinupuksa ang polio gamit ang bakuna na ito, dahil sa "pagpapagal at hindi pagsuko," ang susi na 'yun ay naroon lamang. Talagang may kung anong bagay na pangbakuna rito, at sila'y determinado na tuklasin 'yun.

⁵⁰ At kung may masamang bagay tulad ng polio, dipterya, bulutong, yellow fever, tetano, paninigas ng panga, at iba pa, na ang siyensya, sa masasamang bagay na ito'y, kayang pagpunyagian, araw at gabi, hanggang sa makahanap sila ng bakuna para rito, dahil ito'y masama, isang mamamatay-tao, gaano pa kaya na may susi tungo sa kaligtasan para sa isang tao na nasa bilanguan ng kasalanan? May susi para sa pinto na 'yan, para palayain ang mga tao mula rito.

⁵¹ Ang isang susi, kadalasan, kapag sususian nito ang kandado, at, kapag makahahanap ka ng susi, ito'y kadalasan para sa isang kayamanan, bagay na mahalaga, o kung hindi'y hindi n'yo 'yun ikakandado. Kung hindi 'yun kailangan na ikandado, hinahayaan n'yo lang naman 'yun. Pero kapag ito'y karapat-dapat na ikandado! Kaya ang isang susi ay kadalasan na—na instrumento patungo sa isang bagay, o daan para makadako ang isang bagay na mahalaga. Ang susi, 'yun ang layunin nun, ngayon, 'yun ay magbubukas sa isang bagay na mahalaga.

⁵² Ngayon mababasa natin sa San Juan, sa ika-10 kabanata, ang sabi ni Jesus, “Ako ang Pintuan tungo sa kulungan ng mga tupa. Ako ang Pinto,” hindi *isang* pinto, “*ang* Pinto, ang tanging Pinto. Ako ang Daan, ang tanging Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, at walang sinuman ang makalalapit sa Ama maliban na sa pamamagitan Ko. Ako ang Pintuan tungo sa kulungan ng mga tupa at ang lahat ng dumadaan na hindi dadaan sa Akin ay mga kaaway, mga magnanakaw at mga kawatan.” Siya ang Pinto tungo sa kulungan ng mga tupa. Siya ang Pinto tungo sa kaligtasan.

⁵³ “Walang ibang pangalan ang ibinigay sa silong ng Langit kung saan kayo'y maliligtas, sa pamamagitan lamang ng Pangalan ni Jesus Cristo.” Walang iglesya, walang denominasyon, walang kredo, walang mga doktrina ng kung anu-ano; sa pamamagitan lang ng Pangalan ni Jesus. Yun ang —'yun ang Susi. Hindi nakapagtataka na ginamit ni Pedro ang isa sa mga 'yun noong Araw ng Pentecostes! Nais ng mga tao na malaman kung paano makakapasok sa Pintuan na 'yun. Ginamit niya ang Susi. At may nag-iisang Susi lamang, dahil nag-iisa lang ang Pintuan. “Ako ang Pintuan.” At taglay ni Pedro ang Susi Nito. At ang sabi niya, “Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at mabautismuhan kayo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong kasalanan, at tatanggapin n'yo ang mga kayamanan ng Diyos.” Yun nga'y Susi sa Pintuan, at si Jesus ang Pintuan.

Nag-iisa lang ang Pintuan tungo sa kagalingan, at si Jesus ang Pintuan na 'yun.

⁵⁴ Nag-iisa lang ang Pintuan tungo sa kapayapaan. Oo. “Ang Aking kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo.” Siya lang ang nag-iisang Pintuan tungo sa tunay na kapayapaan. Inisip n'yo

marahil na may kapayapaan kayo. Marahil makakapagkamal kayo ng sapat na pera para bumili ng tahanan n'yo, marahil makakapagkamal kayo ng sapat na pera para makabili ng damit ng inyong mga anak, makabili ng pagkain na makakain, na anupa't makapagkamal ng sapat na kasikatan para maging sikat sa kalagitnaan ng mga tao. Pero kapag huhubarin n'yo na ang inyong sapatos sa gabi at maghahanda nang humiga, may nag-iisa lang na Bagay na makapagbibigay sa inyo ng kapayapaan. Yan nga'y, kapag alam mo na mamamatay ka na ng gabing 'yun, may nag-iisa lang na Kapayapaan, at, siyanga't, si Jesus ang Kapayapaan. Siya ang ating Kapayapaan.

⁵⁵ Siya ang ating Kagalingan. "Ako ang Panginoon ninyong Diyos na nagpapagaling ng lahat ng inyong mga karamdaman."

⁵⁶ Siya ang Pintuan tungo sa Langit. At wala nang ibang pintuan o iba pang daan kundi sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo. Siya ang Pintuan patungong Langit.

⁵⁷ At ngayon si Jesus ang Pintuan tungo sa lahat ng mga bagay na ito, at ang pananampalataya ang susi na magbubukas sa pagkakakandado ng Pintuan. Ngayon, kung si Jesus ang Pintuan tungo sa lahat ng mga pangako ng Diyos, ang pananampalataya sa Kanyang tapos na gawa ang magbubukas sa pagkakakandado ng bawat pintuan tungo sa bawat kayamanan na naroon sa loob ng Kaharian ng Diyos. Nakikita n'yo ba? Ang susi'y... Pananampalataya ang susi na nagbubukas sa pagkakakandado ng bawat pangako na Kanyang binitiwang. Ang susi ng pananampalataya ang nagbubunsod nun, ang pananampalataya sa Kanyang tapos na gawa. Ito 'yung mga susing ipinapangusap natin.

⁵⁸ Ngayon sa Mga Hebreo, sa ika-11 kabanata, may mahabang listahan ako nila na nailista rito, tungkol sa mga bayani ng pananampalataya. Yun ang susi, tungo—tungo sa Pintuan, na nagpatikom sa bibig ng mga leon. Yun ang susi, pananampalataya, na nagbukas sa pagkakakandado ng mga bilangguan. Ang pananampalataya nga, ang pananampalatayang susi, na siyang pumatay sa bisa ng apoy, nagligtas sa talim ng tabak, na binuhay muli ang patay. Ang pananampalataya, ang pananampalatayang susi sa buhay na Diyos. Ang kamay na 'yun, ang lalaki, ang babae, na kayang kunin ang pananampalatayang susi na 'yun, ay kaya nilang buksan ang bawat pangako na ipinangako ng Diyos. Pero kung di n'yo tangan ang susi na 'yun, sinusuksok n'yo lang, pero hindi n'yo 'yun kailanman mabubuksan. Kokontra lang 'yan dun, dahil 'yung susi...

⁵⁹ Anumang tamang-gawang susi ay may mga panikwas sa loob nung kandado, at may partikular na porma 'yun, partikular na hugis ng mga susi para paikutin ang mga panikwas. At isang

panikwas lang na wala sa pagkakaporma, ay maaantala ang buong bagay na 'yun.

⁶⁰ Kaya naman, sumasampalataya ako sa buong Ebanghelyo, sa bawat Salita ng Diyos, na inilalabas Nito ang kapangyarihan ng Diyos, na magbabaling ng Kanyang mga pagpapala sa mga tao. Yun ay susi tungo sa Pintuan, na siyang magbubukas sa pagkakakandado Nito. Oh, ang dakilang mga bayani na ito, ang mga propeta't dakilang kalalakihan ng Biblia, na tangan ang susi na 'yun! Yan ang dahilan kung bakit napatikom nila ang bibig ng mga leon, napatay ang apoy, natakasan ang talim ng tabak, binuhay muli ang patay, at nagawa ang lahat ng uri ng mga himala, ay dahil tangan nila ang susi na 'yun na alam nilang gumagana, dahil ito'y ipinanganak-ng-Kasulatan na susi.

⁶¹ Ngayon, kung ang isinusuksok ko'y kredong susi, hindi ko alam kung anong magagawa nun. Kung sinasabi nila "itinuturo ito ng iglesia ko," hindi ko alam.

⁶² Pero kapag itinuturo ito ng Biblia, at tangan ko ang pananampalatayang susi sa aking kamay, o sa aking puso, na sinasabi "iyan ang Salita ng Diyos," 'yan ang papatay sa bisa ng apoy, bubuksan nito ang pagkakakandado ng kagalingan para sa maysakit, bubuksan nito ang pagkakakandado ng kaligtasan para sa mga naliligaw. Kinakailangan kong dumako roon sa Pintuan, na ang lahat ay sa Kanyang Pangalan. "Anuman ang gawin ninyo sa salita o sa gawa, gawin ninyo lahat sa Kanyang Pangalan." Yamang nalalaman na ang susi na nakamit n'yo ay pananampalataya, dahil ito'y isang gawa-sa-Kasulatan na susi. Ngayon, kung ito'y kredong susi, denominasyong susi, hindi ko alam kung anong magagawa n'yan. Pero kung ito'y isang batay sa Kasulatang susi, bubuksan nga nito, dahil Diyos na mismo ang nagsabi. Ngayon, oh, hindi nakapagtataka na magagawa nilang supilin ang bisa ng apoy, at iba pa, hawak-hawak nila ang susi.

⁶³ Sa unang pagtango na ginawa ng Diyos sa isa sa mga propetang 'yun, wala ngang makapipigil sa kanila. Hindi Niya kailangang gawin gaya ng ginagawa Niya sa akin kung minsan, na pinupukpok ito nang pinupukpok, at marahil sa inyo rin (sana po'y hindi), kundi patuloy lang na sinasabi sa akin, "Pumunta ka't gawin ang ganito," at pagkatapos madadapadapa ka roon, "Kung ganoon pumunta ka't gawin ang *ganito*," tapos, "Pumunta ka't gawin ito uli, hindi mo ito nagawa nang tama." Isang munting pagtango lang! Isa lang, naramdaman nila mismo ang Espiritu na sinasabi sa kanila, "Ito ang bagay na dapat gawin," at wala ngang makapipigil sa kanila. Kapatid, kanilang—kanilang—kanilang pinatikom ang bibig ng mga leon, sila'y nakatakas sa talim ng tabak, kanilang pinatay ang apoy, nagawa nila ang lahat. Munting pagtango lang mula sa Diyos, dahil tangan nila ang susi sa kanilang kamay, ang dakilang pananampalataya na 'yun! Nakagawa sila ng mga bagay para sa

Diyos dahil walang makapipigil sa kanila. Oh, ganoon na lamang kaluwalhati!

⁶⁴ Katulad na lang ng kabataang lalaki na minsang lumapit sa isang matandang kapatid na isang maka-Diyos na matandang lalaki, isang matandang propeta ng Diyos. At napapakinggan niya ang lalaki na 'yun na laging nagpapatotoo, laging nagsasaysay ukol sa kabutihan ng Diyos, na talagang ganoon ang Diyos, at talagang ganoon si Cristo, at tuluy-tuloy mismo, na nagsasaysay. Dumating 'yung oras, na ang kabataang lalaking ito ay itatalaga na tungo sa pagmiministryo, kaya nagtungo siya roon sa isang matandang paham, at sinabi niya sa matanda, "Ginoo, nais ko pong magtanong ng isang katanungan."

Sabi ng matanda, "Itanong mo, kabataang lalaki."

⁶⁵ Sabi niya, "Si Cristo ba'y talagang literal na ganoon kahalaga sa iyo gaya ng sinasabi mo na ganoon nga Siya?"

⁶⁶ Ang sabi nito, "Siya'y higit pa ang halaga sa akin kaysa sa mahihinga kong hininga para makapagsalita!" Hayan nga. Ano 'yun? Nasumpungan niya ang susi.

⁶⁷ Ang sabi ng kabataang lalaki na 'yun, pagkarinig niya nun, "Kung sinasabi mo ang mga bagay na ito, at sinasabi mo sa akin na ang mga ito ay ganoon ka realidad sa iyo, kung ganoon nais kong makilala ang siya ring Jesus, sa siya ring realidad." Ano 'yun? Alam niya na hawak ng matandang lalaki na 'yun ang susi, na kaya niyang alisin ang pagkakakandado at kaya niyang ikandado.

⁶⁸ Alam n'yo, ang susing nakakapagkandado, ay nakakapag-alis din ng kandado, siyanga. Kita n'yo? Magagawa n'yong magkalag o magtali. Ganoon nga. Ang siya ring susi na nagkakandado, ay nag-aalis din ng kandado. Ang susi na nag-aalis ng kandado, ay nagkakandado rin. At ganoon nga mismo, kita n'yo, dahil gumagana ito sa siya ring paraan. Kaaba-aba nga na naiwaglit ng iglesya ang pangitain nito tungkol doon! Nakakalungkot na bagay nga na ang iglesya'y ibinenta ang sarili nito sa mga kredo, gaya ng ginawa natin ngayon, at ngayon tumatawag para sa pagkakaisa.

⁶⁹ Nakita natin kung saan ang bantog na herarkiyang Romano't sila ay nagtatagpo ngayon, magpapalit nga sila ng mga programa. Akala ko hindi sila nagbago; pero magbabago pala, ano't anuman, na bibigyan ang bawat pari ng kapangyarihan ng isang papa, at—at kung nasaan man siya, at iba pa. Kaaba-aba, na ang iglesya'y buong-buong tanggap ang mga dogma sa halip na ang Salita. Kita n'yo? Diyan nila iniwan ang susi, diyan mismo. Yan ang dahilan kung bakit ang mga dakilang himala't mga tanda'y hindi naipangyayari sa gitna ng mga tao ngayon, di gaya noon, naiwaglit nila ang susi! Siyanga't, alam nila ang Pintuan, alam nila na naroon ang Pintuan, pero ang kasunod nga nun ay ang susi para mabuksan ang

Pintuan. At ang mga kayamanan ay nasa likod ng Pintuan. Ang mga ito'y nakakandado, nakatagong di kita, mula sa di-mananampalataya. Pero ang mananampalataya, na may pananampalataya at tangan-tangan ang pananampalatayang susi, ay kayang buksan ang pagkakakandado ng mga Pintuan. Siyanga, po.

⁷⁰ Isang beses dito mga ilang taon na ang nakararaan, may isang misyunerong kapatid, at nakaramdam siya ng isang tawag para sa Aprika. Isa siyang kabataang lalaki; may asawa at dalawang anak, magaganda, ang mga kabataang babae, mga pito o walong taong gulang, ang bawat isa. At ang kabataang ito'y hindi makaalis mula rito. Siya'y isang—isang ministro, mayroon siyang mainam na simbahan sa lalawigan. Pero hindi siya maaaring umiwas mula sa pagtawag na 'yun, siya'y "kailangan pumunta ng Aprika." At nanalangin siya, araw at gabi. Ayaw niyang pumunta. At ang Diyos ay patuloy na nangungusap sa kanya, "Kinakailangan mong pumunta!" At sa huli'y dumating siya sa punto na anupa't, isang pagtutuos, kung saan, siya'y—siya'y talagang kailangan pumunta!

⁷¹ Kaya pinuntahan niya ang lupon ng pagmimisyon ng kanyang iglesya, at ang sabi niya, "Tinawag ako ng Diyos sa dako ng pagmimisyon doon sa kagubatan ng—ng Rhodesia." At ang kagubatan na ito'y pinamumugaran ng malaria, ng lagnat at ng init ng araw, ng epidemya at ng ketong, at lahat na ng uri ng sakit doon sa gubat na ito, kung saan doon niya gagawin. . . gugugulin ang buhay niya. Ibinenta niya ang kanyang bahay at lahat ng mayroon siya. Mangyari nga na nais siyang subukin ng lupon ng pagmimisyon, at ang sabi nila, "Sigurado ka ba ngayon?"

Ang sabi niya, "Siguradong-sigurado po."

⁷² Ang sabi nila sa kanya, "Ginoo, nakapagisip-isip ka na bang mabuti sa bagay na ito, haya't may dalawa kang magagandang mumunting anak na babae, at may—may kalugud-lugod kang bata pang maybahay, at kung iyo lang. . .Bakit di ka muna pumunta roon at tingnan mo kung ano ang kalagayan at pagkatapos bumalik ka?"

⁷³ Sabi niya, "Hindi, sinabihan ako ng Panginoon. Oh, ito'y tunay nga!" Ang sabi niya, "Tinawag nga ako ng Panginoon. At ayaw kong—ayaw ko sanang iwan ang tahanan ko, ayaw kong iwan ang simbahan ko at ang kongregasyon ko, pero tinawag ako ng Panginoon para sa gubat na 'yun."

⁷⁴ Tapos ang sabi niya, "Ginoo, alam mo ba na ang maliliit mong anak na batang babae'y maaaring magkasakit ng yellow fever o blackwater fever, at mamatay, nang magdamag lang?" At binanggit niya ang ilang iba't ibang tao na namatayan ng kanilang mga anak, na mumunting mga bata pa, na dinala sila roon, doon sa mga sakit na wala silang bakuna. At sabi, "Isipin mo ang ketong, kung ang maganda mong maybahay at dalawa

mong maliliit na anak na babae’y magkaroon ng ketong, at ang init ng araw at mga bagay na kakaharapin mo dun.” Sabi, “Hindi ka ba natatakot, at ang panganib ng pagdadala mo sa anak mo at maybahay mo sa lugar na gaya nun?”

⁷⁵ At tumayo roon ang misyunero, ang batang-bata pang lalaki, at may mga luha na gumuhit sa kanyang mga pisngi, bumaling siya, ang sabi niya, “Mga kapatid ko! Ang pangitain ko tungkol sa pagtawag na ’yun ng Diyos,” ang sabi niya, “kung tinawag ako ng Diyos na magtungo sa Aprika, ang mga anak ko’t pamilya ko ay malayong mas ligtas sa Aprika kaysa sa anupamang ibang lugar sa mundo.” Amen. Ano ’yun? Taglay niya ang susi tungo sa pagkatawag sa kanya, taglay niya ang pananampalataya sa bagay na kanyang sinasabi. Oh, naisip ko, grabeng giting na sagot! Noong una kong marinig ’yun, lumukso ang puso ko. Kita n’yo, “Kung tinawag ako ng Diyos na tumungo sa Aprika, na ang mga anak ko sa ketong at epidemya at lahat na, sila’y mas ligtas kaysa sa saan pang lugar sa ibabaw ng mundo.” Taglay niya ang susi. Yun lang ang kailangan.

⁷⁶ Kapag kamit mo ang susi, walang takot, walang pagdududa, walang pag-aalinlangan. Hindi mo na kailangang tanungin pa ang kung sino tungkol dun, alam mo mismo. Nasa mga kamay mo ito mismo, alam mo na ang dapat gawin. Amen. Alam n’yo kung ano ang tunay na kaganapan, alam mo na ang pinto ay magbubukas. Tiningnan mo ang mga panikwas at alam mo na ’yun mismo ang tamang-tama, ang pinto ay magbubukas kapag isinuksok mo ang susi roon.

⁷⁷ Oh, kung taglay lamang ng iglesya ang mga susi! Kung taglay lamang ng iglesya ang pananampalatayang susi, mabubuksan natin ang anumang pintuan, anumang sakit, anumang epidemya, anumang kaso na mayroon. Mabubuksan ang pagkakakandado para sa atin kung makakamit lamang natin ang susi na ito. Ang lalaking ito’y kamit niya ang susi tungo sa pagkatawag sa kanya.

⁷⁸ Kung mamarapatin n’yo po sana ang isang personal na patotoo. Naaalala ko mga labing-lima, labimpitong taon na ang nakararaan ngayon, noong sabihin sa akin ng Panginoon doon sa ilog, noong Siya’y bumaba sa Haliging Apoy na ang litrato Nito’y nakikita n’yo, at Siya po’y nangusap sa akin at ang sabi Niya, “Dadalhin mo ang Mensaheng ito sa buong mundo.”

At naalala ko sa Green’s Mill noong Siya’y mangusap sa akin.

⁷⁹ At nagtungo ako’t sinabi sa pastor, at ang sabi niya sa akin, sabi, “Billy, ano ba ang kinain mo nung gabing ’yan? Binangungot ka lang.” Sabi niya, “Bumalik ka sa trabaho mo. Nagtrabaho ka sa Public Service Company, may magandang trabaho ka, bumalik ka’t pangalagaan mo ang iyong-iyong hanapbuhay, iho.” Sabi, “Nagkaroon ka lang ng bangungot.

May nakain ka lang.” Hindi ako napanghinaan ng loob nun maski kaunti!

⁸⁰ Noong umpisahan ko ang mga gawain ng pagpapagaling, marami sa inyo rito ang naaalala ang Mensahe ko nung umagang 'yun, *Sa Pagtungo Ni David Para Kaharapin Si Goliath*, 'yan ang ipinangaral ko.

⁸¹ At ang sabi nila sa akin, sabi niya, “Sa panahon pa naman ng modernong siyensiya, sa panahon na nasa atin ang lahat na ng uri ng medikal na pananaliksik, gayong mayroon na tayong pinaka magagaling na doktor, na ang iglesya'y matagal nang nakalimot sa Makalangit na pagpapagaling at mga bagay-bagay maraming, maraming taon na ang nakararaan, paano ka makatutungo roon sa harap ng malaking higanteng gaya nun? Paano ka lalakad dun sa harap ng mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, at iba pa, at maging mga Pentecostal, na nakalimot na nito nang matagal na panahon, at nagsibaling na sa kanilang mga kredo? Paano ka haharap, nang walang denominasyon o anuman na magtataguyod sa iyo? Anong gagawin mo, Bill?” Sa kung paanong paraan, o ano, ni katiting hindi ako nun napanghinaan ng loob, dahil hawak ko sa aking kamay ang isang susi! Sabi ko . . . Sabi nila, “Walang maniniwala sa'yo. Hindi mo 'yan magagawa. Walang maniniwala sa'yo.”

⁸² Sabi ko, “Wala sa akin 'yun. May isang bagay mismo na sigurado; tinawag ako ng Diyos, at kinakailangan kong humayo dahil tinawag ako ng Diyos.” Hawak ko ang susi. Tinawag Niya ako, Kanya ngang ipinakita sa akin, Siya'y nangusap mismo sa akin, at nakita ko ang Kanyang Presensya noong utusan Niya ako, at ang susi'y naroon!

⁸³ Ang sabi ng pastor, “Ikapitong grado lang ang edukasyon, tapos mangangaral at mananalangin ka sa harap ng mga hari't mga monarko!”

Sabi ko, “Yan ay ayon man sa Kanyang Sinalita!”

⁸⁴ Mga ganitong panahon noong isang taon, o isang linggo o dalawa ang nakalipas, noong pumunta ako rito sa simbahan at sinabi sa inyo na binigyan ako ng Diyos ng isang pangitain, na magtutungo sa isang lakad na pangangaso, at may isang—isang partikular na hayop na mahahanap ko, na may mga sungay na apatnapu't dalawang pulgada raw ito. At sa daan ko pabalik pagkatapos kunin ang hayop na ito (kung saan ito nakahimlay, 'yung posisyon nun), sa daan pabalik ay makakapatay raw ako ng isang silver-tip na osong grizzly. At tumungo ako sa isang partikular na bahagi, at nakipag-usap ako sa lalaki, at ang sabi niya, “Wala akong alam na hayop na ganoon ang itsura. At kung osong grizzly naman, hindi pa ako nakakakita ng ganoon.”

Sabi ko, “Pero sa kung saan mang dako ay siguradong naroon 'yun.”

⁸⁵ Kaya ang sabi niya, “Ni hindi nga tayo pupunta sa teritoryo ng mga oso. Ang pupuntahan natin ay sa mga tupa, lampas lang sa itaas ng mga kakahuyan.” Buweno, sumama ako sa kanya.

⁸⁶ At nung ikalawang araw, sa mismong puwesto, eksakto kung saan sinabi ng Panginoon, doon nakahimlay ang hayop. Kaya noong nagtungo ako’t kinuha ang hayop, at habang inaalís namin ’yung balat at ’yung mga sungay at iba pa, na inaalís, ang sabi niya, “Gusto kitang tanungin ng isang bagay. Sinabi mo sa akin, tatlong araw ang nakararaan noong umalis tayo sa—sa kampo, na pagkatapos mong mabaril ang naturang hayop na ito, na sa daan mo pabalik ay ika’y ‘makakapatay ng isang silver-tip na osong grizzly.’”

Sabi ko, “Yan mismo ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON!”

⁸⁷ Sabi, “Hindi ako nagdududa,” sabi niya, “dahil ang kapatid kong lalaki’y epileptiko, at hindi mo pa siya noon nakikita nang buong buhay mo, noong narito ka noong isang beses, at sinabi mo sa akin na ang batang ’yun ay gagaling kapag ginawa ko ang isang bagay. At gumaling nga siya.” Sabi niya, “Ngayon, pero, Kapatid na Branham, nais kitang tanungin,” sabi niya, “Natatanaw ko hanggang dun sa pababa ng bundok sa dako ng linya ng kakahuyan, kung saan naroon ang mga kabayo. At walang anumang bagay roon. Wala ni munting kapiraso ng damo, wala maski bato, wala ngang naroon.” Yung caribou moss, mga nasa dalawang pulgada lang ang taas, hanggang sa lampas ng kakahuyan, nang isang milya o higit pa sa lampas ng kakahuyan. Sabi, “Nasaan kaya ang oso?”

⁸⁸ Sabi ko, “Ang Diyos ay Jehovah-jireh. Kung sinabi Niya sa akin na may oso roon, magkakaroon nga.”

⁸⁹ Habang papaba ng bundok, sa tuwing makalalakad kami ng kalahating milya o parang ganoon, na mas malapit, ang sabi niya, “Kapatid na Branham, oras na para lumitaw ang oso na ’yun.”

Sabi ko, “Huwag kang mag-alala, darating siya.”

⁹⁰ At noong halos limang daang yarda na lang kami sa dako kung saan naroon ang mga kabayo, kinailangan naming magpahinga sa pagdadala nung mabigat na mga sungay at mga kagamitan sa likod namin. At tumingin siya sa paligid uli, at nakita ko ang mukha niya habang papatingin siya sa akin, na para bang sa kaibuturan ng puso niya ay nag-iisip siya. Kita n’yo, *umaasa* siya na ’yun nga’y lilitaw dun, pero hindi niya tangan ang susi.

⁹¹ Pero sa kung anong paraan, sa biyaya ng Diyos, hindi Niya ako ni minsan binigo. Noong sabihin Niya sa akin na magkakaroon ng isang silver-tip dun, tangan ko ang susi. Hindi ako nag-alinlangan maski kaunti, maski katiting. Bumaling ako sa lalaking ’yun, at sabi ko, “Bud, lilitaw ’yun diyan.” At

noong pagbaling ko, naroon nga ang oso [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] na nakatayo sa itaas namin, nang mga kalahating milya ang layo.

⁹² Gumamit siya dali-dali ng teleskopyo, ang sabi niya, “Billy, mahabagin, isa nga itong malaking silver-tip!”

⁹³ Kita n’yo, ang susi, isang pangitain, ang Salita ng Panginoon, walang anumang bagay na makakabago Nito o makapipigil Dito. Ang kailangan ng iglesya ngayong gabi ay hindi isang edukasyon. Ang kailangan ng iglesya ngayong gabi ay hindi isang denominasyon. Ang kailangan ng iglesya ngayong gabi ay hindi kredito. Ang kailangan ng iglesya ngayong gabi ay susi tungo sa Mga Kasulatan, ang Pintuan. Na, si Cristo ang Pintuan, at Siya ang Salita. Ang pananampalataya sa Salita ng buhay na Diyos ang mag-aalis sa pagkakakandado ng bawat pintuan.

Diyos, ibigay Mo po sa amin ang susi. Ibinigay Mo sa amin ang susi.

⁹⁴ Mga Hebreo, sa ika-12 kabanata, sinasabi, “Yamang nakukubkob tayo ng makapal na bilang ng mga saksi, itabi namang walang liwag ang bawat pasan, at ang di-pananampalatayang pumipigil sa atin.” Ang sinasabi rito’y “kasalanan,” na, ang *kasalanan* ay ang “di-pagsampalataya.” Kita n’yo? Nag-iisa lang ang kasalanan, ’yun ay ang di-pagsampalataya.

⁹⁵ At ang ibig sabihin ng *kasalanan* ay “malihis sa pagkakaasinta.” Katulad na lang kapag mamamaril ka, kung malilihis ka sa pagkakaasinta, ayusin mo ang baril mo, kita n’yo, dahil may bagay na mali. Nalihis ka sa pagkakaasinta. Kita n’yo, bumalik ka’t subukan uli. Kita n’yo? Ang ibig sabihin ay bumaling ka, nalihis ka sa pagkakaasinta. Kapag nais mong maging Cristiano, at umanib ka sa iglesya, nalihis ka sa pagkakaasinta. Kapag nais mong maging Cristiano, at ika’y nawisikan sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” nalihis ka sa pagkakaasinta. Mas mainam na bumaling ka pabalik. Hindi ka tatama sa tudlaan. Kung saan-saan ka kakalat, sigurado ’yan. May nag-iisang Bagay lang na mapapanatili kayo sa sakdal na pagkakalinya, ’yun ang Kasulatan, ang Biblia, ang Salita. Dahil, kapwa ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, pero ang Salita ng Diyos ay hindi kailanman lilipas.

⁹⁶ Kaya, hawakan n’yo ang susi, ang pananampalataya sa Salita! At bawat katiting na pananampalataya na sumasampalataya ka, at hindi nag-aalinlangan maski katiting, magagawa mong buksan ang pagkakakandado ng bawat pintuan na nakatayo sa gitna mo at sa pagpapala na laan ng Diyos para sa iyo. Nawa’y tulungan tayo ng Diyos na makamit ang mga susi, ’yan ang dalangin ko. Atin nang iyuko ang ating mga ulo ngayon para sa isang pagdulog na pananalangin.

⁹⁷ Makalangit naming Ama, pinasasalamatan Ka po namin na Iyong ibinigay sa amin ang isang susi para buksan sa amin ang pagkakakandado ng kaligtasan. Aking—aking pinasasalamatan Ka para riyan, Panginoon, na kami'y ligtas, at para sa susi na aming nagagamit hanggang ngayon. Pero, Diyos, Iyo pong pagkalooban kami ng pananampalataya, na ang bawat isa sa mga Salitang nasulat sa Iyong Aklat ay mga mumunting panikwas, at ang Susi na ito na tinatawag na Jesus. . . o ang Pintuan po, ang ibig kong sabihin, na tinatawag na Jesus; at ang susi, na tinatawag na pananampalataya, na dumadaiti sa bawat Salita, binubuksan nito ito. Pinakikilos nun ang munting panikwas at nang kami'y makapasok sa pagpapala na 'yun. Makalangit na Ama, Iyo pong ibigay sa amin ang mga susi, nang sa gayon ay magkaroon kami ng pananampalataya sa mga pangako ng Diyos, nang sa gayon ang aming pananampalataya ay hindi mabigo, nang sa gayon ay magamit kami sa paglilingkod sa Iyo at sa kanila na kaugnay namin.

⁹⁸ Iyo pong patawarin ang bawat pagkakasala ng aming di-pananampalataya, Panginoon, at tulungan kami na maging Iyo. Kami'y dumudulog po ngayon patungo sa hapag ng komunyong, at dalangin ko, Makalangit na Ama, na Iyong patatawarin kami sa lahat naming mga pagkakasala, nang sa gayon ay makapasok kami sa kagalakan ng pakikisama sa palibot ng dulang ng Diyos. Amin pong hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

⁹⁹ Kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, kung kamit n'yo ang susi tungo sa Kaharian, ang susi tungo sa Pintuan, ang susi ng kaligtasan, tutulungan ka ng Diyos na buksan ang mga pintuang 'yun at papapasukin si Jesus. Pahintulutan n'yo Siya na ibigay sa inyo ang mga bagay na inyong pinaka—pinaka mimithi.

¹⁰⁰ Ngayon, pansumandali lang po bago tayo magsimulang magbasa ukol sa komunyong, nais ko pong mangusap ng isang bagay dahil ito'y ukol sa komunyong. At sa pagdulog natin sa altar na ito, nag-iisa lang ang paraan ng pagdulog, 'yun ay, kung hawak natin ang susi ng pananampalataya sa ating mga kamay, 'yan ang nagbubunsod sa atin na malaman na ang ating mga kasalanan ay napatawad na. At kung wala tayo nung susi para buksan ang Pintuan na 'yun, na ang ating mga kasalanan ay mapatawad, wala tayong karapatan sa hapag ng Panginoon. Dahil, ang kumakain at umiinom nang di nararapat, ay kumakain ng hatol sa kanyang sarili, na di kinikilala ang katawan ng Panginoon. Ngayon, totoo 'yan.

¹⁰¹ Sa palagay ko lahat tayo'y nalalaman na ngayong araw ay Pambansang Araw ng Komunyong. Ito'y araw na ang lahat ng kaiglesyahan ay nagsasagawa ng komunyong. Pambansang Araw ng Komunyong ngayon sa buong bansa. At iniisip ko na naaangkop na mangusap ng isang salita o dalawa ukol sa komunyong bago tayo tumanggap nito, habang ang pastor, kung

siya po, ay inihahanda na ang Mga Kasulatan para basahin ang—ang kaayusan ng hapag ng Panginoon. Ngayon, ito pong komunyong . . . Ngayon, hindi po ako masyadong magtatagal at sampung minuto lang.

¹⁰² Itong komunyong na handa nating tanggapin, ay ang pinakamalaking debate ng alinmang doktrina sa Biblia. Yun 'yung kanila noong . . . isa sa pinakaunang debate sa sinaunang iglesya. At ngayon ang Protestante, ang Episcopalian at Methodist, at marami sa mga Protestanteng kaiglesyahan, ay may kagalakan pang tanggapin ang Katolikong, Romano Katolikong doktrina, kung maresolba nila ang munting balakid na 'yong komunyong. Pero sila'y sasang-ayon na ang pari'y dapat kasal at maging mga ministro, sumang-ayon nga ang iglesyang Katoliko maraming beses na sa kanilang mga komperensya't mga pagpupulong. Sumasang-ayon sila roon. At sasang-ayon sila sa iba't ibang panalangin, at iba pa, ang iglesyang Protestante'y sasang-ayon sa ganoon. At sa katekismo at iba pa, sa munting altar dito at doon, at payag ang iglesyang Katoliko na gawin ito. Pero pagdating sa komunyong, diyan sila bigo. Sinuman na nakapagbasa ng kasaysayan ay alam 'yan. Pero, siyanga't, sa paraan ng pag-iisip ko, marami pa silang dapat alisan, bago ko—bago ko tanggapin ito, kita n'yo, dahil hindi 'yong Biblia.

¹⁰³ Pero nais kong sabihin ang isang bagay sa iglesyang Katoliko. Alam n'yo ba na ang iglesyang Katoliko, sa simula, ay ang apostolikong pentecostal na iglesya? Tunay nga! Yun ang unang pagsisimula ng iglesya. At nakita n'yo na kung saan sila—saan sila napadpad, dahil patuloy nilang iwinawaglit ang Salita at nagpapasok ng dogma.

¹⁰⁴ At kung ang Pentecostal na iglesya'y iiral pa nang sandaang taon, ito'y magiging mas malayo pa sa Biblia kaysa sa iglesyang Katoliko ngayon, dahil sa paraan ng kalakaran nito ngayon.

¹⁰⁵ Inabot ang iglesyang Katoliko nang mga ilang, daandaang taon para lumihis mula Rito, tatlong daang taon, mula sa sinaunang iglesya hanggang sa pag-oorganisa ng Romano Katolikong iglesya, na kanilang pinasimulan. At nakarating sila sa ganoon, na nagpapasok ng bigating mga dignitaryo at mga bagay-bagay, at kanilang inaalis ang *ganito* at inilalagay ang *ganito*, at inaalis ang *ganito* at naglalagay ng *ganoon*, at inalis nga ang mga paganong diyus-diyosan at haya't pinalitan ng mga Cristianong rebulto, at kung ano pa, at sadyang ikinokompromiso ang Biblia hanggang sa makarating sila sa kinasasadlakan nila ngayon, ang Romano Katolikong iglesya.

¹⁰⁶ At ang Protestanteng Pentecostal na iglesya mula sa—sa limampung taon nang pamamayagpag nito, at kung saan ito nabigo mula sa dako na pinagsimulan nito, siyanga't mas magiging kalunus-lunos pa kaysa sa iglesyang Katoliko, sa

sandaang taon mula ngayon. Ganoon nga. Mabigat na bagay nga 'yan para sabihin, pero tingnan n'yo ang kanilang kalagayan mula noong bumagsak sila. Nagtuluy-tuloy sila sa pagka-organisasyon, bumulusok sila sa pagkokompromiso sa *ganito* at *ganoon*, at lahat na. At hayan nga sila, kita n'yo, bumabalik sa ganoon.

¹⁰⁷ Pero, *komunyon*, ang tawag dito'y "ang hapunan ng Panginoon." Ngayon, maraming tao, gusto nila itong isagawa sa umaga. Hindi naman sinabi sa Biblia na ito'y Kanyang *agahan*. At ganyan nga ang mga tao sa panahon ngayon, paano pa rin nila matatawag 'yun na "hapunan ng Panginoon," siyanga't di nila matatawag na ganoon. Inalis na nila ang *hapunan*, at binura 'yun, at tinawag itong "tanghalian," kalokohan. Hapunan dapat!

¹⁰⁸ Ngayon, dati na itong pinagdedebatehan noong panahon pa ng Biblia, isa itong debate noon pa man. Mali ang pagkakaintindi noon ng mga tao sa hapunan ng Panginoon. Sa pagdulog nila roon sa hapag, sinabi ni Pablo sa mga taga-Corinto, haya't sila'y dumudulog dun at naglalasing sa hapag ng Panginoon. Kita n'yo, hindi nila naunawaan noon pa. Ang sabi niya, "Kung nais n'yong kumain, kumain kayo sa inyong tahanan."

¹⁰⁹ At isa pang bagay, ito'y hindi naunawaan, kung ano ito. Ang mga makasalanang, at taong nabubuhay sa kasalanan, haya't tumatanggap pa rin ng komunyon. At 'yun nga'y mali ang pagkakaintindi. May lalaki na pumisan kasama ang kanyang nanay, nanay-nanayan, at sinaway siya ng iglesya tungkol dun; pero tumatanggap pa rin ng komunyon sa hapag.

¹¹⁰ At may pagkakabaha-bahagi sa kalagitnaan nila, at sila'y tumatanggap pa rin ng komunyon. Ang sabi niya, "Nauunawaan ko na lumalakad kayo na gaya ng iba pa na mga Gentil. At may—may alitan sa kalagitnaan n'yo, katulad dun sa—sa lalong-lalo na sa bahay ni Cefas, at iba pa." Sabi, "Namumuhay kayo na gaya ng iba pa na mga Gentil." Kita n'yo, mali ang pagkakaunawa sa bagay na 'yun.

¹¹¹ Mali ang pagkakaunawa sa komunyon noon pa man. Ngayon, aabutin ako ng ilan pang oras sa pagtalakay nito, pero kailangan nating makadako na sa komunyon at paghuhugasan ng paa. Ngayon kanila ngang tinanggal na mismo ang paghuhugasan ng paa, siyanga't kakaunting mga denominasyon na lang. Marami sa mga Pentecostal ang ganap na umalis na mula roon. Kita n'yo? At ito'y nasa Biblia pa rin naman kung paano ito isinulat noon. Kita n'yo?

¹¹² Ngayon, ang tawag ng Roma dito'y hindi "komunyon." Ang tawag nila ay "misa, isang banal na misa." Hindi komunyon ang tinatanggap nila, ang tinatanggap nila ay misa. Isa 'yung misa, at ang misa'y tunay na inaalis ang tunay na kahulugan mula sa

komunyon. Ang ibig sabihin ng *misa* ay “umaasa.” Tumatanggap sila ng *misa*, na *umaasa* (na sa pagsasagawa nito sa *misa*) na patatawarin sila ng Diyos sa kanilang mga pagkakasala, sa pamamagitan ng pagtanggap ng “literal na katawan ni Cristo, na pinagbabagong-anyo raw ng pari na maging Katawan at Dugo ni Cristo,” na ‘yun ang tinatanggap, *umaasa* na iwawaglit ng Diyos ang kanilang mga kasalanan sa pagganap ng ganoon. Isa ‘yung *misa*.

¹¹³ Tinatawag ito ng mga Protestante na “komunyon.” Ang ibig sabihin ng komunyon ay “pasasalamat.” Haya’t ang Protestante. . . Ang Katoliko’y tumatanggap ng *misa*, na sa *misa* ay *umaasa* na patatawarin sila ng Diyos mula sa maling gawa. Tinatanggap ito ng Protestante bilang pasasalamat para sa bagay na nagawa na sa pakikipagkomunyon sa Diyos; pakikipagkomunyon sa Kanya, na ito’y nagawa na. *Umaasa* ang Katoliko na ito’y gagawin; sinasabi naman ng Protestante na ito’y nagawa na. Iniisip pa ng Katoliko kung ang kanya bang mga pagkakasala’y patatawarin; ang Protestante’y nagsasabi na sila’y pinatawad na, na siya’y malaya na. At ang isang komunyon ay pakikipagkomunyon sa Diyos. At itong mga artikulo na tinatanggap natin, ay hindi sa *umaasa* pa na ang ating mga pagkakasala’y patatawarin, bagkus ang mga ito ay napatawad na. Dahil ito. . . Ang isa ay *umaasa*; at ‘yung isa’y pananampalataya. Ang isa’y *umaasa* na siya ay tama; at ‘yung isa nama’y batid niya na siya’y tama. Kita n’yo? Yung isa, ‘yung isa’y *umaasa*, dahil hindi niya alam kung saan siya nakatayo; ‘yung isa nama’y batid niya na siya’y tama, dahil alam niya na ang Diyos ang nagsalita. Ganoon nga. Yun ang pagkakaiba. Kaya kapag ikaw ay *umaasa* lang, mag-ingat ka; pero kapag batid mo, kung ganoon ay magpatuloy ka. Kita n’yo, kung ganoon nakikipagkomunyon ka sa Diyos. Ang Protestante, sinasabi niya na siya’y pinatawad na’t batid niya ito; ang Katoliko’y may *misa*, *umaasa* na siya’y mapatawad. Parang ganito ‘yan: ang isa’y manlilimos, *umaasa* na ang lahat ng bagay ay magiging ayos lang, kita n’yo; ang isa naman ay isang manlilimos na nagpapasalamat para sa bagay na nagawa na. Kapwa sila manlilimos. Pero ang isa’y manlilimos, na *umaasa* na makukuha niya ito; ang isa naman ay manlilimos na batid niyang natanggap na niya ito, at pinasalamatan Siya sa pagkakaloob nito sa kanya. Ngayon, ‘yan ang pagkakaiba. Yan ang komunyon. Siyanga, po. Ang isa’y *umaasa* na siya’y mapatawad; ang isa nama’y batid niya na siya’y pinatawad na, at nagpapasalamat para rito.

¹¹⁴ Kaya, ang komunyon ay para sa mga Cristiano na naipanganak nang muli sa Espiritu ng Diyos. At hindi ibig sabihin ng *naipanganak na muli* ay kamit mo na ang Espiritu Santo. Ngayon alalahanin n’yo. Ngayon, marami ang nagtuturo n’yan. “Wala akong alam na nagtuturo nito nang gaya nito,” gaya ng nabanggit ni matandang Kapatid na Arganbright nung

gabi na 'yun mula sa pulpito rito, kita n'yo. Pero, ang bagong kapanganakan ay hindi ang bautismo ng Espiritu Santo. Hindi 'yan sinusupportahan ng Kasulatan, hindi nga sa tingin ko, kita n'yo, sa paraan ng pagkakakita ko rito. Kita n'yo? Naniniwala ako na kayo'y ipinanganak na muli . . .

115 At 'yan ang dahilan kung bakit ginagamit ko ang salitang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, pero hindi sa pagbabago. Ngayon, ang Pentecostal, ang United Pentecostal na iglesya, ay nagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa pagbabago. Hindi ako naniniwala riyan. At maaari nilang gawin 'yun kung nais nila. Pero naniniwala ako sa sinabi ni Pedro, "Magsisi," unang-una. Hindi nakakapagwaglit ng kasalanan ang tubig. Ganoon ang ipinangaral ng Church of Christ. Pero naniniwala ako sa pagsisisi, sa kalumbayang nagmumula sa Diyos; ang ibig sabihin ng *magsisi* ay "bumaling, bumalik," nalihis ka sa pagkakaasinta, "simulan mo uli." Gawin n'yo muna 'yun! At ang pagbabautismo n'yo sa tubig ay isa lamang panlabas na pagpapahayag ng bagay na nagawa na sa kaibuturan n'yo, na tinanggap n'yo na si Cristo bilang inyong Tagapagligtas.

116 Sa palagay ko ang mga taga-iglesya lang ang narito ngayong gabi, sa abot ng nalalaman ko, hindi po ako palaging nagagawi rito para malaman kung sino-sino ang mga dumadalo o hindi. May natanggap akong komento rito ukol sa pagbabautismo sa isang lalaki rito sa dako ng bautismuhan, isang matandang lalaki. At bumisita ako sa kanya, siya'y isang mainam na matandang lalaki. Nagkaroon ako ng pribilehiyo na akayin ang buong pamilya niya kay Cristo, lahat sila'y mga Cristiano na. Ito pong matandang lalaki'y isang kalugud-lugod na matandang kapatid, at gusto ko siya, kaya pinuntahan ko siya at sinabi ko sa kanya, "Papa, bakit ayaw n'yo pong maging isang Cristiano?" Kinagigiliwan niya ako.

117 Ang sabi niya, "Kapatid na Branham, magiging Cristiano ako kapag naging sapat na mabuti na ako."

118 Sabi ko, "Sasabihin ko po sa inyo ang gagawin n'yo, Papa. Tumingin po kayo sa paligid hanggang sa mahanap n'yo ang dako na 'yan na kayo'y mapagiging sapat na mabuti, tapos sabihin mo sa akin ang dako na ito, nais kong mapuntahan, din." Sabi ko, "Si Cristo'y di kailanman naparito para ilitas ang mabuting tao. Pumarito Siya para ilitas ang masamang tao." Kapag iniisip n'yo na kayo'y mabuti, kung ganoon hindi Siya pumarito para ilitas kayo. Pumarito Siya para ilitas sila na alam Niyang masasama. Kita n'yo? Si Cristo'y namatay para ilitas ang mga makasalanan. Kita n'yo? Tapos sabi ko, "Papa, may pila po rito."

Sabi niya, "Kaso, naninigarilyo pa ako."

Sabi ko, "Hindi nga ako mangungusap ng tungkol diyan."

Sabi niya, “Sinubukan ko namang ihinto, Kapatid na Branham.”

Sabi ko, “Buweno, hindi tayo mangungusap tungkol sa paninigarilyo.”

Sabi niya, “Buweno, kapag nagagawa ko nang . . .”

119 Sabi ko, “Huwag—huwag ka nang magbanggit ng anupamang bagay tungkol sa mga ’yan, hayaan mo na ito. Nais kitang tanungin ng isang tanong.”

Sabi niya, “Sige, ano ’yun?”

Sabi ko, “Naniniwala ka ba na may Diyos?”

120 Sabi, “Oo naman, naniniwala ako.” Sabi, “Lubos ko nga itong pinaniniwalaan kagaya mo, sa palagay ko, Kapatid na Branham.”

121 Sabi ko, “Naniniwala ka ba na ang siya ring Diyos na ’yun ay tinawid ang Kanyang pagka-Diyos at nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin sa katauhan ni Jesus Cristo, para ilitas ang tao?”

Sabi niya, “Oo, naniniwala ako riyan.”

“At namatay Siya para ilitas ang mga makasalanan gaya ko at gaya mo?” Kita n’yo?

“Oo, naniniwala ako riyan.”

122 Sabi ko, “Parang ganito ’yan. Narito tayong lahat sa isang malaking gusali rito, at nasa loob tayo ng bilangguan, at hindi ako makatayo sa sulok na ito rito at makapagsabi ‘makakatulong ito sa akin na makalabas ng bilangguan,’ tatayo na naman ako sa sulok na ’yun at sasabihin ‘makakatulong ’yun sa akin na makalabas ng bilangguan,’ lahat tayo’y nasa pare-parehong kalagayan. At bawat tao na ipinanganak sa mundong ito ay ipinanganak sa pagkakasala, inanyuan sa kasamaan, pumarito sa mundo na nagsasalita ng kasinungalingan. Siya’y isang suwail, sa simula’t sapul.”

123 May nagtanong nung isang araw, ang sabi niya, “Kapatid na Branham, kung . . . may pagkakaiba ba kina Adan at Eba, at sa kanilang mga anak ngayon, kung lahat sila’y hubad, na naglalakad sa . . . Ang—ang kanilang mga katawan ba’y magiging pareho lang?”

124 Sabi ko, “Hindi, po.” Kami’y pauwi na noon sa pangangaso ng squirrel, si Kapatid na Fred at ako, at kasama ang ilan sa kanila. Sabi ko, “Hindi, hindi sila magiging pareho.”

125 Sabi, “Ang ibig mo bang sabihin si Eba ay hindi isang babae na gaya ng kanyang mga anak na babae, at si Adan ay hindi isang lalaki na gaya ng mga anak niyang lalaki?”

Sabi ko, “Sa maraming aspeto, pero hindi sa lahat ng pisikal na aspeto.”

Sabi niya, “Ano ang pagkakaiba?”

¹²⁶ Sabi ko, “Wala silang pusod. Sila’y nilikha. Tama. Hindi sila nakadugtong sa anuman.”

¹²⁷ Hangga’t naron ’yun sa lahat ng ipinapanganak sa mundong ito, siyanga’t ipinapakita na ito’y suwail, sa simula’t sapul. Ganoon nga. Sabi ko, “Tunay, may pagkakaiba. Wala silang pusod. Hindi sila nakadugtong sa isang babae, para pumarito.” Kita n’yo, nilikha sila ng Diyos.

¹²⁸ Ngayon, sabi ko, “Nais kong sabihin ang isang bagay. Bawat tao sa loob ng bilangguan na ito, sino ba ang banal? Sino ba ang ipinanganak na hindi sa pamamagitan ng seksuwal na paniniig? Sino ba ang taong makakatulong sa isa pa, maski ano pa siya? Lahat tayo’y nasa iisa’t siya ring bilangguan na ito. Pero ginawa ng Diyos ang Kanyang Sarili na maging isa sa Kanyang mga nilikha at dumating nang hindi sa pamamagitan ng seksuwal na paniniig, sa pamamagitan ng banal na Dugo na Kanyang nilikha Mismo, at sa pamamagitan ng Dugo na ’yun ay Kanyang tinubos tayo.” Sabi ko, “Naniniwala ka ba roon, Papa?”

Sabi niya, “Naniniwala ako rian.”

¹²⁹ Sabi ko, “Si Cristo’y namatay para sa masamang taong gaya mo. Ngayon, may nag-iisang paraan lang para gawin ito. Wala kang anuman na maaaring gawin. Kanyang iniaalay ito sa iyo. Hindi n’yo ito makukuha bilang merito. Walang bagay na magagawa mo para makamit mo ito. Kanya lamang ibinibigay ito sa iyo. Matatanggap mo ba ang bagay na Kanyang ginawa para sa iyo, para ilayo ka sa impyerno?”

¹³⁰ Sabi niya, “Gagawin ko ’yan.” Sabi niya, “Pero kung maihihinto ko lang itong paninigarilyo.”

¹³¹ Sabi ko, “Kusa nang mawawaglit itong paninigarilyo. Iyo lang. . . Hindi ko hinihiling na gawin mo. Hindi ako legalista. Naniniwala ako sa biyaya. ‘At ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin.’” Sabi ko, “Kung sinasampalatayanan mo ’yan nang buong puso mo!”

Sabi niya, “Nang buong puso ko, sinasampalatayanan ko ito.”

¹³² “Kung ganoon matatanggap mo ba ito sa batayan na ’yan, na hindi ka karapat-dapat, pero Siya ang Isa mismo na karapat-dapat? Huwag kang tumingin sa sarili mo; tumingin ka sa Kanya, dahil hindi ka makakagawa ng anumang bagay para sa sarili mo. Tumingin ka sa Isa na gumawa ng isang bagay para sa iyo. Paano naman Siya?”

“Oh,” sabi niya, “Siya’y karapat-dapat.”

Sabi ko, “Ganoon nga, kaya naman tanggapin mo ang bagay na ibinibigay Niya sa iyo.”

Sabi niya, “Gagawin ko.”

133 At binautismuhan ko siya sa Pangalan ni Jesus Cristo. At hayun nga siya't sa paglabas niya'y nagsindi ng sigarilyo.

134 Mga ilang linggo ang nakakaraan nakabisita ako sa tahanan niya. Nakakita ako ng pangitain isang gabi, tungkol sa isang evergreen na puno na pinutol, na nakabaligtad. Nakakita rin ako ng mga tabla na nakapako roon. Sa tabi nung huling tabla ay isang kapansin-pansin na tabla. At sa ibaba nung tabla na 'yun, doon sa bandang dulo mismo, tumutugaygay nang *paganito*, doon 'yung putol nung puno. Tapos isang Tinig ang nagsabi, "Ikaw dapat ito," o "Ikaw sana ito." At bumagsak si Papa Cox, tumama ang likod niya *rito*. At mangyari nga na nung sumunod na umaga nang dalhin nila 'yung mga sigarilyo niya sa kanya habang nakahiga siya sa kama niya, nawala na 'yung pagnanasa na 'yun sa kanya. Sanlinggo lang ang nakararaan! Hindi na siya kailanman tumikim maski isa, ayaw na niya ni isa o kung ano pa. Kita n'yo? At nakita ko siya di katagalan, noong ang mga kamay pa niya'y kayumangging-kayumanggi, ilang linggo ang nakararaan, dahil sa sigarilyo, at ngayon hindi na nga niya kaya ang amoy nito sa paligid niya. Nanahin n'yo ang unang bagay muna! Huwag n'yong ipagpilitang maging mabuti; kayo'y masama, sa simula't sapul, at wala kayong magagawa. May linya na nagbubukod, at ang lahat ng mga tao'y nasa panig na 'yun.

135 Ngayon, noong ako'y ipanganak sa mundong ito, ito'y sa pamamagitan ng isang banal na kasalan, ng aking tatay at nanay; sa sinapupunan ng nanay ko ay isang itlog, sa glandula ng tatay ko'y isang selyulang dugo. Nananalaytay sa buhay ko ang selyulang dugo na 'yun (hindi ang itlog ng nanay ko), kundi selyulang dugo ng aking tatay. At noong ang selyulang dugo ay nagtungo sa wasto nitong dako para katagpuin ang itlog, noong gawin nito, ang kalikasan ay inutusan sa Diyos na bigyan ako ng isang katawan. At pagkatapos ako'y ipinanganak sa sangkatuhan, ako'y nabigyan ng oportunidad na—na maging isang tao na may isip gaya ng sangkatauhan, kung saan ako'y makakapagmaneho ng sasakyan, o makakagawa ako ng mga bagay gaya ng ginagawa ng mga tao, nakakapaglakad, nakakapagsalita, nakakapagmaneho ng sasakyan, at kung ano pa. Ipinagkaloob 'yun sa akin, dahil ako'y ipinanganak sa pamilya ng tao, at napagkalooban ng kakayahan na makapag-isip para maging isang tao.

136 Ngayon, noong ako'y ipanganak sa pamilya ng Diyos, ako'y dumating sa pamamagitan ng Dugo, ang Dugo ang nagbigay sa akin ng Buhay. At pagkatapos na ako'y maging buhay kay Cristo, Kanyang binautismuhan ako sa Espiritu Santo at kapangyarihan, para maging isang anak ng Diyos. Ngayon, katulad nga na ako'y nakakapaglakad, nakakapagsalita na parang isang tao, nakakapagmaneho ng sasakyan na parang isang tao, ngayon noong tanggapin ko ang Espiritu Santo, natanggap ko ang kapangyarihan na magpalayas ng

mga diyablo, makapagsalita sa bagong wika, makapangaral ng Ebanghelyo, makapagpagaling ng may sakit. Ako'y nabautismuhan! Hindi ipinanganak; kundi nabautismuhan!

Sa itaas na silid sila'y nagtitipon,
Nananalangin lahat sa Ngalan Niya,
Nabautismuhan sila ng Espiritu Santo,
At ang kapangyarihan sa gawai'y dumating;

¹³⁷ Amen. Sumampalataya ka tungo sa Buhay na Walang Hanggan, at naipanganak na muli sa pamamagitan ng inyong pananampalataya. Ang sabi ni Jesus, sa San Juan 5:24, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Akin na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan," hindi ang Espiritu Santo, haya't may buhay na walang hanggan lang. Siya'y ipinanganak sa pamilya ng Diyos. At pagkatapos nabautismuhan sa Espiritu Santo, na taglay na ang kapangyarihan at katalinuhan ng pananampalataya, para sampalatayanan ang Ebanghelyo at ibunsod Ito na kumilos at ibunsod Ito na gumawa nang tama. Amen. Pagkatapos siya'y kikilos na parang isang anak ng Diyos. Kung ganoon makakapagpalayas na siya ng mga diyablo. Ang sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalaki sa kanila!" Kita n'yo? "Sa Aking Pangalan sila ay makakapagpalayas ng mga diyablo, makakapagsalita ng bagong wika, hahawak ng mga ahas, iinom ng nakamamatay na mga bagay." Kita n'yo, tinanggap niya ang kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu Santo, para gawin ang mga bagay na ito.

¹³⁸ Ngayon, noong umalis si Jesus, ang sabi Niya, "Nararapat para sa Akin na umalis. Dahil, kung hindi Ako aalis, ang Espiritu Santo ay hindi darating." Kita n'yo? Pagkatapos sa pagparito Niya, Kanyang sasawayin ang mundo ng kasalanan, at magtuturo ng katuwiran, at magpapakita sa inyo ng mga bagay na parating ('yun ay mga pangitain). "Kanyang kukunin ang mga bagay na itinuro Ko sa inyo, at ihahayag ang mga ito sa inyo." Ang mismong mga Salita na Siya'y pumarito. . . Walang sinuman ang makauunawa ng Salita sa labas ng bautismo ng Espiritu Santo. At kapag ang isang tao'y magsasabi na kamit niya ang bautismo ng Espiritu Santo, at pamamalian ang Salita sa pagiging tama, may kung anong bagay na mali.

¹³⁹ Si Pablo'y kritiko noon ng Bagong Tipan. Hindi po pala, siyanga't hindi pa nasusulat ang Bagong Tipan. Si Pablo ay kritiko ng Cristianismo, si Saulo. At noong tanggapin niya ang Espiritu Santo, nagtungo siya nang tatlong taon sa Asya para pag-aralan ang Mga Kasulatan, dahil siya'y tinuruan sa ilalim ni Gamaliel, na isang bantog na guro. Pagkatapos noong bumalik siya, at labing-apat na taon ang nakalipas, nagtungo siya para katagpuin si Pedro sa Jerusalem, at nalaman na sila'y Salita sa Salita na parehong Ebanghelyo mismo. Ang siya ring Diyos na nagbunsod kay Pedro na makapangaral noong araw

ng Pentecostes at nagsabi sa mga tao na sila'y dapat magsisi at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay ang siya ring Espiritu Santo na naghayag nito kay Pablo, at sinabi niya sa kanila sa Mga Gawa 19 matapos na sila'y mabautismuhan isang beses ni Juan, sabi, "Kinakailangan n'yong mabautismuhan muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo." Kita n'yo?

¹⁴⁰ Kita n'yo, ang Espiritu Santo'y nananatiling tama sa Mga Kasulatan. Ang pananampalataya Rito ang nagbubukas sa pagkakakandado ng bawat hiwaga. Amen. Ang sabi ng Biblia, sa Unang Juan 5:7, "Ang tatlong ito na nagpapatotoo, sa Langit: ang Ama, ang Salita (na si Cristo), at ang Espiritu Santo. Ang tatlong ito ay Isa." "At may tatlo na nagpapatotoo sa lupa: tubig, Dugo, Espiritu. Ang tatlong ito ay hindi isa, pero ang mga ito'y nagkakasundo sa isa." Ngayon, hindi n'yo maaaring tanggapin ang Ama na wala ang Anak, hindi n'yo maaaring tanggapin ang Anak nang wala ang Espiritu Santo; Sila'y Iisa. Pero maaari kayong mapag-aring ganap nang hindi napapaging banal, at maaari kayong mapaging banal nang walang Espiritu Santo. Ang pagpapaging banal ay sa pamamagitan ng Dugo, sa pamamagitan ng Dugo ay dumarating ang Buhay. Kita n'yo? At ang Espiritu Santo ang kapangyarihan ng Diyos, kita n'yo, ang kapangyarihan na ibinigay sa iglesya.

¹⁴¹ "Tatanggapin ninyo" (ang ano?) "kapangyarihan," Mga Gawa 1:8, "matapos na dumako sa inyo ang Espiritu Santo. Matatanggap ninyo ang kapangyarihan!" (Hindi na "kayo'y maipapanganak na muli.") "Tatanggapin ninyo ang kapangyarihan matapos na ang Espiritu Santo'y dumako sa inyo. Pagkatapos kayo'y Aking mga saksi sa Jerusalem, Judea, at Samaria, hanggang sa kahuli-hulihang hangganan ng lupa." Kita n'yo? Natatanggap n'yo ang kapangyarihan matapos na matanggap n'yo ang Espiritu Santo. Pero unang-una kinakailangan mong matanggap ang Espiritu Santo, at 'yun ang kapangyarihan ng Diyos, kita n'yo, para maghayag at magpamalas. Kayo'y—kayo'y. . . gaya ng kayo ay isang tao, at natutong makapagsalita at makapaglakad at gawin ang mga bagay na ginagawa ng isang tao; kapag kayo'y nabautismuhan sa Espiritu Santo, kayo'y pagkakalooban ng kapangyarihan para umakto bilang mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Hindi nakapagtataka na ang mga tao'y kumikilos at umaakto gaya ng ginagawa nila ngayon, hindi kasi sila napuspos ng Espiritu Santo. Kung sila'y puspos, iba ang ikikilos nila. Sinasabi nila na napuspos sila, pero ang sabi ni Jesus, "Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila." Kaya paano n'yo magagawa 'yun, kita n'yo, malaking kalituhan. Kita n'yo? Bagkus ay manumbalik kayo sa mga bagay na totoo!

¹⁴² Ngayon, kung kayo'y namumuhay nang matuwid at sinasabi n'yo na kayo'y Cristiano, inaanyayahan ko kayo sa hapag ng Panginoon. Ngayon, walang duda, isinasagawa ang komunyong

sa buong bansa, ang ilan sa kanila ay sa isang paraan at ang ilan sa ibang paraan. Pero sa palagay ko ang pinakamainam na paraan para isagawa ito ay sundin ang Mga Kasulatan, gaya ng paano nila ito isinagawa noon sa Mga Kasulatan. Sa palagay ko sapat na 'yun.

¹⁴³ Nasa iyo ba ang Biblia mo, Kapatid na Neville? Babasahin ni Kapatid na Neville ngayon ang Mga Kasulatan.

[Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Sa ika-11 kabanata ng Unang Mga Taga-Corinto, simula sa ika-23 talata.”—Pat.]

[Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo, Na ang Panginoong Jesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay:]

[At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Kunin ninyo, kainin; ito'y aking katawan, na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.]

[At gayon din naman hinawakan ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito sa, tuwing kayo'y magsisiinom, sa pagaalaala sa akin.]

[Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya.]

[Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon.]

[Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro.]

[Sapagka't ang kumakain at umiinom nang di nararapat, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, na hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon.]

[Dahil dito'y marami sa inyo ang mahihina at mga masasakitin, at hindi kakaunti ang nangatatutulong.]

[Datapuwa't kung ating kilalanin ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan.]

[Datapuwa't kung tayo'y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanglibutan.]

[“Pagpalain ng Panginoon ang pagbabasa ng Kanyang Salita.”]

¹⁴⁴ Sa tuwina po'y banal na bagay ito, sadyang sagradong bagay, na sa tingin ko ay dapat iyuko natin ang ating mga ulo ngayon sa tahimik na pananalangin. Ipanalangin n'yo ako, ipapanalangin ko kayo. Magpanalanginan tayo sa isa't isa, na ang Diyos ay

mahabag sa atin na mga di karapat-dapat na nilalang na handa na ngayong makibahagi sa dakilang sakramento na ito sa pag-aalaala sa kamatayan ng ating Panginoon.

¹⁴⁵ [Huminto pansumandali si Kapatid na Branham para manalangin nang tahimik. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Ang panalangin na ito ng pagpapahayag ay iniaalay namin sa Iyo, aming Ama, sa ibabaw ng Iyong gintong dambana, kalakip ng aming Hain, ang aming Panginoong Jesus. Hinihiling po namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

¹⁴⁶ Ngayon naniniwala ako na ang mga matatanda na pumuwesto na, at sila’y...ng iglesya, at palapitin nila ang mga tao sa paglapit nila, hile-hilera, para sa komunyong. Lagi n’yong bulayin ang awitin na ’yun:

Minamahal na naghihingalong Cordero, ang
Iyong sadyang mayamang Dugo
Ay kailanman di mawawalan ng taglay Niyang
kapangyarihan,
Hanggang sa ang lahat ng tinubos na Iglesya
ng Diyos
Ay magkaroon ng kaligtasan, upang hindi na
mabuyo sa kasalanan.

Iyuko natin ang ating mga ulo.

¹⁴⁷ Mapagbiyaya’t Banal na Ama, Jehovah, ang dakilang Pinaka Makapangyarihan sa lahat, Iyo pong ipadala ang Iyong mga pagpapala sa Iyong bayan habang kami’y naghihintay. Patawarin Mo kami sa aming pagkakasala. At ngayon iniaalay namin sa Iyo ang sakramento na ito, ang alak na ito, ang mga ubas na pinatubo, at ang mga kamay ng mga ministro na siyang nagpiga nito. At ito’y ginawang alak para sa layunin na ito na ngayon ay aming dinadala ito sa Iyo, para isagisag nito sa amin ang Dugo ng aming Panginoong Jesus Cristo. Dalangin ko po sa Iyo, Ama, na pakalinisin ang alak para sa layunin na ito. Patawarin ang bawat pagkakasala namin. At nawa ang bawat tao na tatanggap ng alak na ito sa kanilang katawan, ay magkaroon ng kalusugan, kalakasan, at kaligtasan mula sa Iyo. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁴⁸ Sinabi ng Biblia na noong pagputul-putulin Niya ang tinapay at pinagpala ito, ang sabi, “Kunin ninyo at kainin, ito ang Aking Katawan na pinagputul-putol para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa Akin.” At sa pagkuha natin sa mumunting piraso na ito ng tinapay, ng kosher, na ginawang walang lebadura, ito’y gawa ng mga Cristiano, ito’y ginawa dahil ito’y—ito’y sumasagisag sa Katawan ni Cristo. Nauunawaan natin na—na noong ang mga alagad sa panahon ni Cristo, o panahon ng iglesya, na kumuha ng mga bahagi nito at inihanda ang hapunan noong huling hapunan, sa huling hapunan ni


Cristo. At sa pagtugaygay sa Biblia, iministro ng mga alagad ang mga bagay na ito sa mga tao. At ngayon, ang makabagong-panahon na mga alagad, ang ating mga kapatid na lalaki dito ng iglesya, mga alagad ng Layunin na ito, ang magbahabahagi sa mga tao. At kukuha sila ng mga bahagi at ibibigay ang mga ito sa mga tao.

¹⁴⁹ At ngayon sa pagtanggap n'yo sa tinapay na ito, alalahanin n'yo, sinasagisag nito ang Cordero. Maraming taon na ang nakalipas noong ang kordero ng Israel ay inihaw sa ibabaw ng apoy, at kinain kasabay ng mapapait na gulay, ang mga tao'y nagkaroon ng lakas; ang mga panyapak nila'y hindi napudpod, ang kanilang mga damit ay hindi nahimulmol, sa buong paglalakbay nila hanggang sa makarating sila sa lupain na ipinangako sa kanila. Nawa'y panatilihin tayo ng Diyos na malusog, masaya, na pinaglilingkuran Siya hanggang sa marating natin ang Ipinangakong Lupain na Kanyang ipinagkaloob sa atin.

Manalangin tayo.

¹⁵⁰ Mapagbiyayang Makalangit na Ama, sa aking pangungusap ngayong gabi ukol sa Banal, na malinis na Katawan ng ating Panginoon, na sa Kanya'y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos, kapag naiisip ko ang Katawan na 'yun na nabangasan at—at niluray, at ang Dugo'y umaagos, ang Kanyang likod at Kanyang tadyang ay nababanaag, at may mga latay sa itaas at ibaba ng Kanyang likod, kapag naiisip ko ang kulubot, na diniinang tinapay na ito na sumasagisag dun, ito'y nananariwa sa aming mga puso, aming inilalatag ang aming mga puso, Panginoon, sa ibabaw ng Iyong altar ngayong gabi. Iyo pong patawarin kami, Oh Diyos. At nawa ang pinagputul-putol na tinapay na ito, sa paglagay namin dito sa aming bibig, ang Iyong mga lingkod, at nawa'y mapagkilala nila na ito'y ang Iyong natatanging Katawan na nabugbog at nasugatan, at sa pamamagitan ng mga latay ay kami'y pinagaling. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Pakalinisin ang kosher na tinapay na ito para sa inilaang layunin para rito. Kami'y humihiling sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Sandali lamang po.

¹⁵¹ Hindi ito eksklusibong komunyong. Bawat Cristianong mananampalataya ay inaanyayahan na pumarito sa hapag ng Panginoon, para makipagbuklod kasama namin. . . ? . . . 

ANG SUSI SA PINTUAN TAG62-1007
(The Key To The Door)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Oktubre 7, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org